# 5

# IMPERYALISMO

## Pambungad

Imperyalismo ang yugtong monopolyo, ang pinakamataas at huling yugto, sa kasaysayan ng kapitalismo. Sa yugtong ito, lumitaw at nangingibabaw ang kapital sa pinansya. Mapagpasyang kinokontrol ng iilang monopolyong kapitalista ang mga kagamitan sa produksyon, lalo na ang salaping kapital na kailangan sa pagsisimula, pagpapalaki at pagsusulong ng produksyon. Sa iba't ibang bahagi ng daigdig, sumasaklaw at nangingibabaw ang impluwensya at operasyon ng mga monopolyong kapitalista sa pamilihan, pamumuhunan at mga pinagkukunan ng mga hilaw na materyales.

Tayo ngayon ay nasa panahon ng imperyalismo. Mula ng pagpasok ng ika-20 siglo, ganap nang nadomina ng mga monopolyo ang ekonomya, pulitika at buong lipunan ng mga pinakamayamang bayang kapitalista. Nahati ang mga bansa at bayan ng daigdig sa iilang industriyalisadong imperyalistang kapangyarihan sa isang dulo, at karamihan ng mga bayang binubuo ng mga atrasado at pinagsasamantalahang kolonya't malakolonya sa kabilang dulo. Sumasaklaw at nanalasa sa malawak na mayorya ng populasyon ng

daigdig ang pagsasamantala at pang-aapi ng malaking burgesyang internasyunal.

Pero ang pangingibabaw ng imperyalismo ay hudyat ng pangkalahatang pagdausdos ng sistemang kapitalista sa buong daigdig. Sa panahong ito naging lubusan ang pagkabulok at pagkaparasitiko ng kapitalismo. Lubos na pinatindi ng imperyalismo ang mga saligang kontradiksyon ng kapitalismo. Ang panahon ng imperyalismo ay panahon ng mga digmaang imperyalista, ng rebolusyong sosyalista at mga rebolusyon para sa pambansang paglaya.

Tinukoy ni Lenin ang sumusunod na 5 namumukod na katangian ng imperyalismo:

1) Umabot sa napakataas na antas ang konsentrasyon ng produksyon at kapital hanggang sa nabuo ang mga monopolyo na mapagpasyang kumokontrol sa buhay pang-ekonomya ng lipunan.
2) Pagsasanib ng kapital sa bangko at kapital sa industriya at ang pagkalikha batay sa "kapital sa pinansyang" ito ng oligarkiya sa pinansya.
3) Natatanging ang kahalagahan ng pag-eeksport ng kapital, bukod pa sa pag-eeksport ng mga kalakal.
4) Pagkakabuo ng mga internasyunal na monopolyong naghahati-hati sa daigdig.
5) Nakumpleto na ang teritoryal na dibisyon ng mundo sa pagitan ng mga pinakamalaking kapangyarihang kapitalista.

Mahalagang pag-aralan at unawain ng mga Komunista ang mga katangian ng imperyalismo, kung paano ito naghahari at nagpapahirap sa mamamayan ng daigdig, at kung paano ibabagsak ang paghahari nito sa pamamagitan ng rebolusyong proletaryo. Ang gayong kaalaman ay saligang pangangailangan para maunawaan ang

mga sirkunstansyang istoriko at ang katangian ng proletaryong rebolusyon sa daigdig sa kasalukuyan.

Ang pag-aaral sa imperyalismo ay esensyal din sa pag-unawa sa kasaysayan at kasalukuyang kalagayan ng lipunan at rebolusyong Pilipino. Mula ng umpisa ng kasalukuyang siglo, nang sakupin ng imperyalismong US ang Pilipinas at gapiin ang lumang pambansang demokratikong rebolusyong nasa pamumuno ng burgesyang lokal, ang ekonomya at pulitika ng Pilipinas ay kontrolado ng imperyalismong US, una, sa tuwirang paraan at, pagkatapos, sa di tuwirang paraan.

Nahahati ang pag-aaral sa paksa sa sumusunod na mga bahagi:

1) Ang mga saligang katangian ng imperyalismo.

2) Ang pandaigdigang rebolusyong proletaryo sa panahon ng imperyalismo.

# I. Mga Saligang Katangian ng Imperyalismo

## *A. Konsentrasyon ng produksyon at monopolyo*

### 1. Paano naganap ang konsentrasyon ng produksyon at paglitaw ng mga monopolyo sa mga bayang kapitalista?

Ang napakalaking pagsulong ng industriya at napakabilis na konsentrasyon ng produksyon sa mga empresang papalaki nang papalaki ay isa sa mga saligang katangian ng imperyalismo. Nangangahulugan ito ng pangingibabaw ng mga monopolyo sa produksyon at sa lipunan.

Ang konsentrasyon ng produksyon sa kamay ng iilang grupo ng malaking kapitalista—o konsentrasyon ng kapital—ay natural na bunga ng malayang kumpetisyon at akumulasyon ng kapital sa kapitalismo. Tinalakay sa paksang EKONOMYANG PAMPULITIKA kung bakit likas sa kapitalismo ang papataas nang papataas na antas ng

konsentrasyon ng kapital, laluna ng kapital na nasa mga makinarya, kasangkapan, gusali at hilaw na materyales.

Sa labanan ng iba't ibang kapital, ang mas maliit ay nahuhuthot, napababagsak at nalalamon ng mas malaking kapital. Sa panahon ng mga krisis, nagiging mas laganap at mas mabilis pa ang gayong proseso ng konsentrasyon ng produksyon. Sa papalawak nang papalawak na saklaw, ang monopolyong kontrol ng iilang empresa ay tuluy-tuloy na pumapalit sa kumpetisyon ng maraming empresa hanggang mangibabaw sa buu-buong sangay ng industriya at sa buong ekonomya.

Ang mabilis na pag-unlad ng produksyon ay sinasabayan ng konsentrasyon ng kapital at lalong nagtutulak sa huli. Noong ilang huling dekada ng ika-19 siglo, lumitaw ang modernong industriya nang umunlad ang pagpoproseso ng mga saligang materyales na pang-industriya (bakal, kemikal, langis at karbon), paglikha ng koryente at paggamit ng mga makinang de-koryente, at paggawa ng steam turbine at motor na pinaaandar ng langis. Mas lumaki ang halaga sa buong ekonomya ng mga mabigat na industriyang gumagamit ng mga higanteng makina, abanteng teknolohiya, malakihang produksyon at, kung gayon, mas malaking kapital. Kaya sa mga industriyang ito unang umiral ang sitwasyong hindi lang paborable, kundi nagtutulak sa pagbubuo ng mga monopolyo.

Ang konsentrasyon at monopolyo ay naganap sa ilang paraan, kabilang ang:

1) Mga di palagiang kasunduang tungkol sa pagpepresyo at pagbebenta, na nakabatay sa konsensus at boluntaryong pagtupad ng mga gumagawa ng isang produkto

2) Mga kartel o mas mahigpit at mas palagiang asosasyon ng mga monopolista para sa pagtatakda ng mga kundisyon sa bentahan, petsa ng bayaran, atbp; paghahati ng pamilihan; pagtatakda ng

dami ng produktong gagawin; pagpipirmi ng mga presyo; at paghahati ng ganansya

3) Konzern o holding company. Sa pamamagitan nito ang pinansya ng mga empresang indipendyente sa biglang tingin ay ipinaiilalim sa kontrol ng isang kumpanya

4) Merger. Pagsasama-sama o kombinasyon sa iisang empresa ng mga empresang tahasang nawawalan ng kasarinlang legal o pinansyal. Ito ay solido, mas matagalan at isa sa pinakalaganap na anyo ng konsentrasyon. Ang mga empresang nagsasanib ay maaaring

? kabilang sa iisang sangay ng industriya.

? sangkot sa iba't ibang yugto ng pagpoproseso ng hilaw na materyales at mga produktong gawa dito, halimbawa, mga empresa sa pagtunaw ng hilaw na mineral na bakal, paggawa ng pundidong bakal, at paggawa ng mga produktong asero.

? gumagawa ng mga hilaw na materyales at mga produktong intermedya na para sa iisang yaring produkto, halimbawa, mga empresang gumagawa ng eroplano at nagpoproseso ng mga hilaw na materyales at intermedyang produktong kailangan sa paggawa ng eroplano.

? nasa iba't ibang linya ng produkto pero ipinaiilalim sa pag-aari ng iisang korporasyon, halimbawa, ang mga modernong zaibatsus ng Hapon na sangkot sa sari-saring negosyo, mula sa pagtitingi hanggang sa paggawa ng kotse, eroplano at makinaryang industriyal.

Sa panahon ng malayang kumpetisyon ang tipikal na empresa ay ang empresang "puro", ibig sabihi'y empresang iisa ang produkto. Sa

panahon ng imperyalismo ang tipikal na empresa ay ang empresang kumbinasyon o haluan. Sa pagkukumbinasyon, hangad ng mga kapitalista na:

? Tiyakin ang higit na istableng tantos ng ganansya sa pamamagitan ng pagbawas kundi man pagtanggal sa mga pagbabago-bago ng takbo ng kalakalan.

? Pawiin ang kumpitensya sa pagitan ng mga empresang nagsasama-sama.

? Gawing posible ang pagpapaunlad sa teknolohiya at ang paghamig, sa pamamagitan niyon, ng superganansya maliban pa sa karaniwang ganansyang nakukuha ng mga "purong" empresa.

? Palakasin ang posisyon kumpara sa mga "purong" empresa, laluna sa labanan sa negosyo kapag panahon ng krisis.

Dahil ang kalakhan ng kapital sa industriya at produksyon ay nakakonsentra sa iilang malaking korporasyon at iilang grupo ng malalaking kapitalista, mapagpasyang nadodomina ng mga monopolista ang buo-buong mga sangay ng industriya at ang buong ekonomya. Ang dominasyong ito ng iilang malaking empresa ay ibayo pang pinalalakas ng pagsangkot ng salaping kapital at mga bangko.

Dumaan sa tatlong yugto ang paglitaw ng mga monopolyo mula sa malayang kumpetisyon:

1) Mga dekadang 1860 at 1870. Narating sa yugtong ito ang rurok ng malayang kumpetisyon sa mga bayang kapitalista. Hindi pa kapansin-pansin ang monopolyo bagamat nagaganap na ang di karaniwang antas ng konsentrasyon ng kapital at produksyon sa ilang

mabigat na industriya. Sa kabuuan, mas laganap at nakapangingibabaw pa ang mga nagsasariling purong empresa na malayang nagkukumpitensyahan sa bukas na pamilihan.

2) 1873 hanggang katapusan ng mga taong 1890. Ito ay mahaba-habang panahon ng paglaganap at mabilis na pagbubuo ng mga monopolyong kumbinasyon. Pero eksepsyon pa rin sila sa kabuuan, hindi pa sila matatag, at nasa transisyon pa.

3) Pagpasok ng ika-20 siglo, at matapos ang krisis ng 1900-1903. Sa yugtong ito ang mga monopolyo ay naging isa nang pundasyon ng buong sistema ng ekonomya. Ang malayang kumpetisyon ay natransporma na sa monopolyo. Mula noon, nadomina ng mga monopolyo ang ekonomya't kasaysayan ng mga kapitalistang bayan.

Sa kasalukuyan, ang U.S., Hapon, Alemanya, Pransya at Britanya ang mga nangungunang bayang imperyalista kung saan napakataas ang konsentrasyon ng produksyon. Makikita ito sa pagkontrol ng iilang malalaking empresang industriyal sa kalakhan ng manggagawa, benta at ganansya. Halimbawa noong 1980, ang 500 pinakamalaking korporasyon sa U.S. ay bumubuo ng 0.15 porsyento ng lahat ng empresa sa industriya pero nag-eempleyo sila ng mahigit 68 porsyento ng manggagawa, kumokontrol sa 60.2 porsyento ng kabuuang benta ng industriya, at kumukuha sa 71 porsyento ng lahat ng ganansya ng industriya. [Nota: Update ng data tungkol sa industrial enterprises at level ng concentration. Ilagay din ang sa Hapon. ]

Kahit ang mga monopolyong grupo ay naglalamunan o nagsasanib. Sa listahan ng 500 pinakamalaking korporasyon sa US noong 1955, ang 186 ay nabili na noong 1980 ng iba pang korporasyon sa grupong ito. Mula 1955 hanggang 1980, ang 262 sa 500 pinakamalaking korporasyon ay nakabili ng 4,500 iba pang kumpanya.

Ang mga dekadang 1980 at 1990 ay panahon ng mga megamerger o mga dambuhalang pagsasanib ng mga dambuhalang korporasyon. Ang gayong napakataas na antas ng konsentrasyon at monopolyo ay tulak ng maigting na kumpetisyon sa produksyong gumagamit ng kompyuter at mataas na teknolohiya, maigting na paligsahan ng mga blokeng imperyalista sa dominasyon sa produksyon at pamilihan sa buong daigdig, at malalim na krisis ng labis na produksyon.

Ayon sa isang pag-aaral, ang kabuuang halaga ng mga pagsasanib at bilihan ng mga korporasyon sa US ay umabot sa $12 bilyon noong 1975, $83 bilyon noong 1981, $200 bilyon noong 1985. Sa dekadang 1990 lalo pang sumibad paitaas ang halagang sangkot sa paglalamunan at pagsasanib ng mga dambuhalang korporasyong monopolyo. Naging karaniwan ang multibilyong dolyar na bayaran sa pwersahan at kusang pagsasanib ng mga pinakamalalaking korporasyon sa mga pangunahing industriya tulad ng telepono at komunikasyon, eroplano, kompyuter, gamot, bangko, mass media, at depensa.

**2. Ano ang mga tampok na epekto ng pamamayani ng monopolyo sa industriya?**

Kinokontrol ng mga monopolyo ang mga pinagkukunan ng hilaw na materyales, kabuuang takbo ng produksyon, presyo't pamilihan, pinakaabanteng teknolohiya at sanay na paggawa, at pati ang hatian sa ganansya. Kinokontrol nila ang suplay ng mga produkto at nakapagtatakda sila sa gayon ng presyong monopolyo. Ibig sabihin, mapagpasyang naiimpluwensyahan nila ang iba't ibang bahagi ng produksyon at kalakalan.

Gumagamit ang mga monopolyong kumbinasyon ng iba't ibang paraan upang mapasunod sa kanilang kagustuhan ang mga kapitalistang nasa labas ng kanilang mga grupo. Maaari nilang ihinto ang suplay ng mga hilaw na materyales at pwersang paggawa, sarhan ang mga daluyan ng kalakalan, sistematikong ibaba ang presyo ng

kanilang mga produkto, ihinto ang pagpapautang, at iba pang mga paraan.

Kaya't nakakahuthot ang mga monopolyo ng malaking dagdag na ganansya, ng ganansyang sobra sa karaniwang kinikita ng lahat ng kapital sa industriya. Ang superganansyang ito ay nagmumula di lang sa mga manggagawang tuwirang pinagsasamantalahan ng mga monopolyo, kundi pati sa bahaging naaangkin mula sa kita ng mas maliliit at mas mahihinang kapital, ng mas atrasadong mga sangay ng industriya at ng agrikulturang mas nahuhuli sa industriya.

Ang monopolyo ay nagpapaliit din ng bilang ng mga naghahati-hati sa labis na halaga. Tuwirang sinasaklaw ng monopolyo hindi lamang ang produksyon, kundi maging ang distribusyon ng produkto. Sa gayon napupunta sa monopolyo ang ganansya ng dating nakahiwalay na kapital sa komersyo. Lumaki nang lumaki ang halaga para sa mga monopolyo ng tuwirang paglahok at pagpapahusay sa pagbebenta at adbertaysing.

Ang layunin ng kapital sa panahon ng malayang kumpetisyon ay ang karaniwang tantos ng ganansya. Ang layunin ng monopolyong kapital, sa kabilang banda, ay ang maksimum na ganansya. Dahil sa napakataas na konsentrasyon ng kapital, hinahabol ng monopolyong kapital ang pinakamalaking bulto ng ganansya para ipanimbang sa pagbagsak ng tantos ng ganansya. Sa gayon, dominasyon, pamimilit at dahas para protektahan at lalong palakasin ang dominasyon ang saligang tuntunin ng monopolyong kapital.

Ang transpormasyon ng malayang kumpetisyon tungo sa monopolyo ay nagresulta sa napakalaking pagsulong sa sosyalisadong katangian ng produksyon. Ibayong pinataas nito ang produktibidad ng paggawa batay sa kooperasyon at organisasyon ng hatian ng paggawa, at pagsasanib ng modernong teknolohiya at paggawa ng tao. Partikular na kapuna-puna ang sosyalisadong katangian ng pag-imbento at pagpapaunlad ng teknolohiya.

Pero nananatiling pribado ang pag-angkin sa mga produkto dahil nananatili ang pribadong pag-aari ng iilan sa mga kagamitan sa produksyon. Ang paghahari at pagpapasasa ng ilang monopolyong kapitalista ay lalong nagiging napakabigat, garapal at kasuklam-suklam.

Sa panahon ng imperyalismo, umiiral ang monopolyo sa loob ng kabuuang pormal na balangkas ng kumpetisyon. Pero lubha nang nasasagkaan ng mga monopolyo ang kumpetisyon. Tumitingkad ang planadong katangian ng produksyon, pero dahil nananatili ang pribadong pagmamay-ari at patuloy ang operasyon ng pamilihan, ang pagpaplano sa produksyon ay hanggang sa isang antas lang, karaniwan sa antas ng mga indibidwal na korporasyon. Kaya sa halip na mapangibabawan ang anarkiya sa produksyon ay lalong umiigting ito.

Ang saligang tendensya ng mga monopolyo ay magdomina, gumamit ng dahas at ng iba't ibang paraan, tuwid man o baliko, para protektahan at lalong palakasin ang kanilang dominasyon. Sa kabilang banda'y naririyan ang kumpetisyon sa pagitan ng mga monopolyo at mas maliliit na kapital, at higit pa, sa pagitan ng mga monopolyo mismo. Ang mas maliit na kapital ay sinasakal at ginigipit sa iba't ibang paraan. Kasabay nito, ang monopolyo sa isang sangay ng industriya ay nagmamaniobra para madomina at malamangan ang ibang monopolyo sa ibang sangay ng industriya. Ang mga bagong monopolyo ay nagmamaniobra para maitulak ang mga lumang monopolyo at makontrol ang mga ito. At dahil mga higante ang nagsusuwagan, higit na tumitindi ang labanan.

Kaya sa halip na iligtas ang kapitalismo sa mga saligang kontradiksyon nito, ang imperyalismo ay lalo lamang nagpapatindi sa mga kontradiksyong iyon. Sa halip na mawala, ang mga krisis ng kapitalismo ay nagiging mas matindi at mas mapanira.

## *B. Kapital sa pinansya at oligarkiya sa pinansya*

**1. Ano ang kapital sa pinansya at oligarkiya sa pinansya?**

Ang kapital sa pinansya ay ang salaping kapital na kontrolado ng mga monopolyong bangko at ginagamit sa industriya. Ito ang pagsasanib ng monopolyong kapital sa industriya at monopolyong kapital sa bangko, na pinamamayanihan ng huli.

Ang oligarkiya sa pinansya ay ang maliit na bilang ng mga pinakamakapangyarihang kapitalista na kumokontrol sa kapital sa pinansya. Kinokontrol nila ang mga pinakamalaking bangko at kumpanya sa pinansya, gayundin ang pinakamalalaking korporasyon sa industriya. Nagsesentralisa sila ng kapangyarihan sa pinansya, produksyon, kalakalan, at buong ekonomya. Sa oligarkiya sa pinansya, umaabot sa napakataas na antas ang konsentrasyon ng kayamanan at kapangyarihan sa sistemang kapitalista sa yugto ng imperyalismo.

Ang pangingibabaw ng kapital sa pinansya, at ng oligarkiya sa pinansya, ay isang saligang katangian ng imperyalismo. Ang mga monopolyong bangko ay gumaganap ng sentral na papel sa imperyalismo. Nagtatamasa sila ng napakalaking kapangyarihan na nangingibabaw sa komersyo at industriya. Taglay nila ang anyo, bagamat anyo lamang, ng unibersal na pagkwenta at distribusyon ng mga kagamitan sa produksyon sa buong lipunang kapitalista.

Hindi gayon ang pusisyon ng mga bangko noong yugto ng malayang kumpetisyon. Ang mga bangko noon ay gumanap lamang ng tungkulin ng tagapamagitan sa bayaran sa produksyon at palitan. Kinukolekta nila ang iba't ibang anyo ng kitang salapi ng mga kapitalista at mamamayan para sa gamit ng mga kapitalista. Ang perang di aktibo ay ginagawa nilang aktibo at kumikita sila, sa gayon, ng ganansya.

Pero kasabay ng mabilis na paglaki at konsentrasyon ng produksyon, naganap din ang mabilis na paglaki at konsentrasyon ng kapital sa

pinansya—sa mga bangko, mga kumpanya sa pamumuhunan at sa seguro. Kung paano lumitaw ang mga monopolyo sa industriya, ganoon din ang mga monopolyo sa bangko. Nilamon ng malalaking bangko ang maliliit, ginawa silang mga sangay o kaya'y pinailalim sila sa kapangyarihan ng una. Nasentralisa sa mga dambuhalang bangko ang kontrol sa lahat ng kapital at kita. At tulad din sa industriya, sa mga bangko ay nagkakasundo at nagsasabwatan ang pinakamalalaki para lalong pahigpitin ang kontrol nila sa sistema ng pinansya.

At nang makonsentra sa ilang dambuhalang bangko ang bulto ng kapital sa pinansya, nabaligtad ang relasyon ng mga bangko at ng industriya. Mula sa dating pangingibabaw ng industriya, mas naging dominante ang pusisyon at mas malaki ang kapangyarihan ng mga bangko.

Ipinailalim ng mga ito sa kanilang kontrol di lamang ang kalat-kalat na mga kapitalistang empresa at mga operasyon ng mga ito, kundi ang kabuuan ng kapitalistang lipunan:

> Una, dahil nakokonsentra sa iilang bangko ang negosyo sa pagtustos sa mga pinansyal na pangangailangan ng industriya, natitipon din sa mga bangkong iyon ang eksaktong impormasyon tungkol sa kalagayan ng pinansya at negosyo ng mga kapitalista sa industriya. Napapasakamay ng iilang bangko ang mga kasangkapan para kontrolin ang produksyon at ang buong ekonomya.
>
> Ikalawa, nakokontrol ng mga dambulahang bangko ang iba pang kapitalistang empresa sa pamamagitan ng pagpapaliit o pagpapalaki ng pautang, sa pagpapadali o pagsagka rito. Ang mga kapitalista sa industriya ay pwersadong mangutang sa mga bangko para makapagtayo ng bagong negosyo o makapagpalaki ng dati. Umaasa sila sa pautang ng bangko maging sa pagpipinansya ng kanilang regular na operasyon.

> At ikatlo, napagpapasyahan ng mga dambuhalang bangko ang laki ng kikitain, bilis ng pag-unlad, at maging ang pagbagsak ng ibang mga kapitalista.

Ang mga dambuhalang bangko ay nagiging makapangyarihang base para pagsanibin at pag-ugnayin ang magkakahiwalay, malalaki't maliliit na kapital sa industriya. Nilalamon at pwersahang dinodomina ng mga dambuhalang bangko ang mas maliliit na kapital sa industriya. At pagkatapos, sila naman ay nakikipagsanib, nakikipagsabwatan, nakikipagpalitan ng sosyo at nakikipagbuo ng magkakakawing na lupon ng mga direktor sa mga pinakamalalaking monopolyo sa industriya.

Sa pagsasanib ng kapital sa bangko at industriya, ang karaniwang anyo ay ang sistema ng kawing-kawing na mga subsidyaryo na kumokontrol sa iba pang subsidyaryo. Sa pamamagitan ng sistemang ito, nakokontrol ng mas maliit na porsyento ngunit konsentradong bahagi ng kabuuang kapital ng isang korporasyon ang mas malaki, pero kalat-kalat, na bahagi ng kapital. Nagagamit ang kapital ng bangko para kumontrol sa ibang kapital na ilampung ulit na mas malaki.

Napakataas ng konsentrasyon ng pinansyang kapital sa mga imperyalistang bayan sa kasalukuyan. Sa US, halimbawa, ang 12 pinakamalaking bangko noong dekadang 1980 ang kumokontrol sa 22 porsyento ng lokal na pag-aari ng 14,500 bangko at sa 75 porsyento ng pag-aari ng mga ito sa ibayong-dagat. Kontrolado ng Grupong Rockefeller ang 16 na bangko at iba pang kumpanya sa pinansya na may kabuuang pag-aari ng mahigit 121.8 bilyong dolyar.

Sa Hapon naman, may 20 malaking bangko na kabilang sa pinakamalalaki sa buong daigdig at may kabuuang pag-aari ng mahigit 995.8 bilyong dolyar. Ang anim sa mga ito, na kontrolado ng mga zaibatsu, ay may pinagsamang pag-aari na mahigit 554.6 bilyong dolyar.

Noong maagang bahagi ng dekadang 1980, mayroong 17 pinakamalalaking grupong pinansyal at industriyal na kumokontrol sa mahigit 420 malaking korporasyon sa US. Ang 197 sa 420 korporasyong ito ay may pag-aaring mahigit isang bilyong dolyar bawat isa, at may mahigit 708 bilyong dolyar na pinagsamang pag-aari. Di hamak na mas marami pang korporasyon ang nakokontrol ng mga grupong ito sa pamamagitan ng pautang.

Noong 1976, ang pinakamalaking grupong pinansyal at industriyal sa US ay ang grupong Rockefeller. Kontrolado nito ang 48 korporasyon na ang bawat isa'y may pag-aaring bilyong dolyar o higit pa; lahat-lahat, ang pag-aari ng 48 korporasyong ito ay umaabot sa $221.8 bilyon. Kontrolado rin ng grupong Rockefeller ang 46 korporasyon na ang bawat isa'y milyong dolyar o higit pa ang halaga ng pag-aari. At sa 13 iba pang korporasyon na ang kabuuang pag-aari ay may halagang $79.4 bilyon, may kontrol din ang grupong Rockefeller kabahagi ang iba pang mga grupo.

Ganito ang datos para sa limang pinakamalalaking grupong pinansyal at industriyal sa US:

| **GRUPO** | **Bilang ng Korporasyon (Kabuuang Halaga ng Pag-aari, Bilyong Dolyar)** | | |
|---|---|---|---|
| | **Bilyong Dolyar ang Pag-aari** | **Milyong Dolyar ang Pag-aari** | **May Ibang Grupong Kasosyo sa Kontrol** |
| Rockefeller | 48 ($221.8) | 46 | 13 ($79.4) |
| Morgan | 25 ($76.5) | 44 | 11 ($38.9) |
| Bank of America | 15 ($60.8) | 20 | 3 ($5.8) |
| Prudential | 9 ($54.4) | 9 | 7 ($55.8) |

Sa Hapon naman, may anim na pinakamalalaking grupong pinansyal at industriyal na tinatawag na "modernong zaibatsu" (Mitsubishi, Sumitmo, Fuji, Sanwa, Dai-ichi, Kangyo) na may 190 myembrong korporasyon na nagmamay-ari sa 22 porsyento ng lahat ng sosyo at

23 porsyento ng lahat ng pag-aari ng lahat ng kumpanya. May kontrol ang mga grupong ito sa 8,746 kumpanyang may-ari ng 41 porsyento ng lahat ng sosyo at 31 porsyento ng lahat ng pag-aari ng lahat ng kumpanya.

Sa mga dekadang 1980 at 1990, ang kapangyarihan ng kapital sa pinansya at oligarkiya sa pinansya ay umakyat sa bagong antas. Bunga ito ng wala pang kapantay na paglobo ng mga depisit sa badyet at pangungutang ng mga imperyalistang gobyerno, laluna ang US; paglobo ng pribadong pangungutang laluna kaugnay ng mga multibilyong dolyar na pagsasanib at pagbibilihan ng mga dambuhalang korporasyon; ng pagbagsak ng pandaigdigang sistema sa pananalapi na nakabase sa dolyar at pagpalit ng sistema ng nakalutang na halaga ng salapi sa palitang internasyunal; at paglobo ng kompyuterisadong 24-oras-bawat-araw na kalakalan at ispekulasyon sa salapi, sosyo at bono.

Araw-araw 20 bilyong dolyar na halaga ng bono ng gobyernong US ang ibinebenta noong 1981. Pagdating ng 1991 umabot na ito sa 124 bilyong dolyar. Ang mga bonong ito ay may mataas na interes at kumakatawan ng tiyak at malaking kita para sa oligarkiya sa pinansya, habang sumusustento sa depisit na paggastos ng gobyerno.

**2. Ano ang mga epekto ng pangingibabaw ng kapital sa pinansya at oligarkiya sa pinansya?**

Ibayong pinabilis at pinasidhi ng pangingibabaw ng mga dambuhalang bangko sa industriya ang konsentrasyon ng kapital sa kabuuan at ang pagbubuo ng mga monopolyo. Nakokonsentra sa iilang bangko ang paghawak sa libro-de-kwenta ng buong uring kapitalista at pati ang di ginagamit na kitang pera ng buong lipunan. Ang ilang bangkong ito ay nagsisilbing sentro ng distribusyon ng kapital at mga kagamitan sa produksyon ng buong lipunan, pangunahin para sa interes ng iilang monopolyong kapitalista sa pinansya at industriya.

Sa pamamayani ng kapital sa pinansya, lalo pang lumayo ang pagkakahiwalay ng dati nang magkahiwalay na pag-aari ng salaping kapital at ng pamumuhunan at pangangasiwa sa produksyon. Ang pagkakahiwalay na ito ay ibayo pang pinasisidhi ng eksport ng kapital.

Ang oligarkiya sa pinansya na naghahari sa lipunan ay mga "kolektor ng kupon" (nag-iipon ng mga sertipiko ng sosyo at pautang) na ang nangingibabaw na hangad ay magkamal ng pinakamalaking superganansya sa pinakamabilis at anumang klase ng paraan. Ang pangingibabaw ng kapital sa pinansya at oligarkiya sa pinansya ay ibayong nagpapatingkad ng parasitismo at kabulukan ng sistemang kapitalista.

Sa mga imperyalistang bayan, napakalaki at patuloy na lumalaki ang ganansya mula sa pag-iisyu ng mga sosyo, pagmamanipula sa pamilihan ng sosyo, pagpapautang at pagbebenta ng mga bono, komisyon sa mga transaksyon sa pinansya, at ispekulasyon sa pera, lupa, ginto't pilak, likhang sining at mahahalagang hilaw na materyales.

Ginagamit ng oligarkiya sa pinansya ang monopolyo nila sa kapital para makahuthot ng limpak-limpak na ganansya mula sa gayong mga aktibidad, na hiwalay sa produksyon pero humuhuthot ng "buwis" sa buong lipunan. Higit pa, ang ganansya mula rito ay bumubuo ng papalaking bahagi ng kabuuang kita ng lipunan at lalo lang nagpapalakas sa paghahari ng oligarkiya sa pinansya.

Ang kabuuang halaga ng mga transaksyon sa pamilihan ng salapi, sosyo at bono, ayon sa isang kwenta, ay 30 hanggang 40 ulit ang laki sa aktwal na halaga ng benta ng mga produkto at serbisyo. Sa internasyunal na pamilihan ng salapi lamang, mahigit isang trilyong dolyar ang nagpapalit ng kamay araw-araw. Sa pagsusugal ng bilyon-bilyong dolyar at walang tigil na paglalabas-pasok sa iba't ibang sentro ng kalakalan sa salapi, ang mga dambuhalang kapitalista sa

pinansya ay kumikita o nalulugi ng milyon-milyong dolyar sa bahagyang kibot ng tantos ng palitan ng salapi.

Sa pamamayani ng kapital sa pinansya lalong lumalakas ang tendensyang mabulok ng sistemang kapitalista. Gayunman, sa kabila ng tendensyang ito, posible pa rin ang mabilis na pag-unlad sa ilang sangay ng industriya, sa ilang bayan, sa ilang panahon. Pero ang gayong pag-unlad ay mas lubha pang di pantay. Lalong lumalaki ang agwat sa pagitan ng burgesya at karaniwang manggagawa, ng mga kapitalistang monopolyo at di-monopolyo, ng industriyang mabigat at mataas ang teknolohiya at mga industriyang magaan at maliit at panggitna, ng industriya at agrikultura, at laluna sa pagitan ng mga bayang kapitalista at mga bayang kolonya at malakolonya. Kapansin-pansin ang pagbagal ng paglaki ng ekonomya ng mga pinakamayamang bayan at ang malakas na tendensyang pigilin ang mas maunlad na teknolohiya para pangalagaan ang superganansya ng mga monopolyo. Sukdulang ihinihiwaly sa produksyon ang malaking bilang ng manggagawa tungo sa serbisyo at sekundaryong produksyon.  Ipinapaling ang pamumuhunan at gamit sa lupa tungo sa luho at libangan ng malalaking burges.

**3. Ano ang mahahalagang pagbabago sa estado sa mga imperyalistang bayan sa panahon ng monopolyong kapitalismo? Ano ang kapitalismong monopolyong estado?**

Ang pagkabulok ng sistemang kapitalista sa panahon ng imperyalismo ay makikita di lang sa larangan ng ekonomya, kundi pati sa pulitika at kabuuan ng lipunan, di lang sa paghahari ng imperyalismo sa sariling bayan, kundi higit sa paghahari nito sa buong daigdig.

Kasabay ng konsentrasyon ng kapangyarihan sa ekonomya ang konsentrasyon ng kapangyarihan sa pulitika. Humigpit nang humigpit ang kontrol ng mga monopolyong kapitalista sa estado hanggang nagbago ang estado mula sa pagiging kinatawan ng lahat ng kapital tungo sa pagiging kinatawan ng maliit na bilang ng

monopolyong kapitalista. Ang mga pangunahing kinatawan ng monopolyong kapital ang humahawak at nagsasalit-salitan sa matataas na pusisyon sa negosyo, gobyerno, akademya at mass media. Ang suportang pinansyal at suporta ng monopolyong mass media ay mapagpasya sa panalo sa mga eleksyon. Ang matataas na burukratang militar at sibil na matapat na nagsilbi sa monopolyong kapital ay tinitiyak na nakaririwasa ang katayuan kapag nagretiro sa pamamagitan ng mga pusisyon sa negosyo na mataas ang kita o di kaya'y mga kontratang lubhang kapaki-pakinabang. Ang mga asosasyon ng mga monopolyong kapitalista sa iba't ibang industriya ay may maunlad at permanenteng makinarya sa matamang pagsubaybay sa lahat ng usapin sa patakaran ng estado na may kaugnayan sa interes nila, pagla-"lobby" sa mga mambabatas, at pag-impluwensya sa upinyong publiko. Ang mga mahahalagang patakaran ng estado ay karaniwang ginagawa sa inisyatiba o di kaya'y nang may partipisasyon ng mga pangunahing kinatawan ng mga monopolyong kapitalista.

Ang estado, sa kabilang banda, ay sumasaklaw ng papalawak nang papalawak na gawain sa ekonomya at pangangasiwa ng ekonomya para sa interes ng monopolyong kapital. Ang monopolyong kapitalismo ay natransporma sa kapitalismong monopolyong estado—ang pagsasanib ng napakalaking kapangyarihan ng monopolyong kapital sa napakalaking kapangyarihan ng estado sa iisang makinarya at ang pagpapailalim ng milyon-milyong tao sa organisasyon ng kapitalismong estado.

Ibayong pinabilis at pinasidhi ng Unang Digmaang Pandaigdig ang transpormasyon ng monopolyong kapitalismo sa kapitalismong monopolyong estado. Ganap na nangibabaw ito sa mga pangunahing imperyalistang bayan bago ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Namayani sa Alemanya, Italya at Hapon ang pasismo: ang lantad na teroristang paghahari ng mga pwersang dulong kanan na kumakatawan sa interes ng oligarkiya sa pinansya. Sa US at Britanya naman, ang kapitalismong monopolyong estado ay nakabihis sa programang New Deal at patakarang Keynesian na nagtataguyod sa

tuwirang pamamalakad ng estado sa ekonomya para kontrahin ang mga krisis ng kapitalismo. Nagtulak din sa pangingibabaw ng kapitalismong monopolyong estado ang pamamayani sa lahat ng imperyalistang bayan ng walang taros na paligsahan sa armas at paghahanda para sa digmaan.

Sa kapitalismong monopolyong estado:

1) Lumawak nang lumawak ang sektor ng ekonomya na publiko o pag-aari ng estado. Tuwirang namumuhunan ang estado sa mga industriyang esensyal pero lubhang mataas ang kinakailangang kapital o di kaya'y lubhang mababa ang tantos ng kita, halimbawa sa komunikasyon at transportasyon. Kapag kailangan ang malaking puhunan para paunlarin ang teknolohiya, madalas na ipinapasa sa estado ang pamumuhunan o di kaya'y nagsososyo ang estado at mga monopolyong kapitalista. Kapag maunlad na at kumikita na ang teknolohiya, madalas na ibinebenta ito sa pribadong sektor. Karaniwang idinadahilan sa gayong pagbubuhos ng pondong publiko sa kapakanan ng pribadong monopolyong kapital ang pangangailangang humabol o makipag-unahan sa ibang imperyalistang bayan.

2) Ang mga kontratang militar ng estado ay naging mahalagang paraan ng pagtiyak sa napakalaking superganansya ng mga monopolyo. Ang badyet militar ng US kahit pagkatapos gumuho ang rebisyunismo sa Unyong Sobyet at Silangang Europa ay mahigit 250 bilyong dolyar (kumpara sa wala pang 10 bilyong dolyar bago ng Unang Digmaang Pandaigdig, na kwentado sa halaga ng dolyar noong 1992) na nakalaan ang malaking bulto sa mga kontrata sa depensa. Ang tinatawag na "military-industrial complex" ang tampok na bahagi ng kapitalismong estado sa mga imperyalistang bayan.

3) Bilyon-bilyong dolyar ang ibinibigay na subsidyo sa monopolyong kapital. Tampok na mga halimbawa ang taunang subsidyo sa agrikultura, ang 150 bilyong dolyar na ginastos ng

gobyernong US para iligtas ang mga institusyon sa pinansya na nangangalugi noong mga taong 1980 at umpisa ng mga taong 1990, at ang 50 bilyong dolyar na "ayuda" sa Mexico para pangalagaan ang mga mamumuhunang US na naipit ng krisis doon.

4) Ang pagbubuwis at patakaran sa salapi at interes ay ginagamit na makapangyarihang sandata para baguhin ang distribusyon ng kita ng mga mamamayang nagtatrabaho at maliliit na kapitalista para sa kapakinabangan ng mga monopolyo. Mula panahon ni Reagan hanggang kasalukuyang administrasyon ni Clinton umiiral ang pagbubuwis at paggastos na lantarang pabor sa monopolyong kapital at kontra sa maliliit na mamamayan. Ang resulta ay ang ibayong paglala ng di pagkakapantay sa kita ng mga pinakamayayamang saray at kalakhan ng populasyon.

5) Lumobo ang pambansang badyet ng gobyerno, depisit sa badyet at pangungutang ng gobyerno. Noong 1900 ang pambansang badyet ng US ay mga kalahating bilyong dolyar at ang utang ng pambansang gobyerno ay mahigit 1.25 bilyong dolyar. Noong 1992 ang badyet ng US ay 1.5 trilyong dolyar, at ang depisit sa badyet ay 345 bilyong dolyar (5.8% ng GNP). Ang badyet ng US ay kumakatawan sa 25% ng GNP, samantalang ang sa iba pang imperyalistang bayan ay di hamak na mas mataas pa, bagay na sumasalamin sa malaking tuwirang papel ng estado sa ekonomya.

Sa panahon ng imperyalismo, ang estado ay gumaganap ng mapagpasyang papel sa pangangalaga sa tuluy-tuloy na pagkulekta ng superganansya ng monopolyong kapital, at paglikha ng mga kundisyon para patuloy na mapalaki ang monopolyong kapital. Ang mga ito'y ginagampanan ng estado kapwa sa loob at labas ng imperyalistang bayan

Sa mga panahon ng krisis, pinangangalagaan ng estado ang monopolyong kapital at superganansya. Nagmamaniobra ito para

ipasa ang pasanin sa krisis sa mga kolonya't malakolonya, sa mga kakumpitensyang bayang imperyalista, at sa mga manggagawa, petiburgesya at maliit at panggitnang kapitalista.

Dahil sa sukdulang pambubusabos sa mga kolonya at malakolonya, padausdos na kalagayan ng mga mamamayan sa mga kapitalistang bayan, at kaakibat nitong pagsulong ng mga pakikibaka ng mga manggagawa at mga mamamayan, patuloy na tumitingkad ang tendensya ng paghaharing burges tungo sa reaksyon, dahas at panunupil.

Bahagi ng limpak-limpak na superganansyang tinatanggap ng oligarkiya sa pinansya ay ginagamit na pansuhol sa maliit na pribilehiyadong saray sa hanay ng mga manggagawa. Ang saray na ito na bumubuo ng maliit na minorya ay tumatanggap ng mas mataas na sahod, mas tiyak na empleyo at nagtatamasa ng burges na pamantayan sa pamumuhay. Ang saray na ito ang tinaguriang aristokrasya sa paggawa na nagsisilbing baseng sosyal ng oportunismo at repormismo sa kilusang manggagawa. Sila ang pangunahing instrumento ng oligarkiya sa pinansya para isanib ang kilusang paggawa sa istruktura ng estadong burges. Ito ang sumasagka sa uring manggagawa para buuin ang kanilang nagsasariling lakas sa pulitika at isulong ang mga pakikibaka laban sa pang-aaliping sahuran.

Pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ang ekonomya ng mga imperyalistang bayan ay dumanas ng mahaba-habang panahon ng mabilis na paglaki. Bunga ito ng pambihirang laki ng pangangailangan sa mga kagamitan sa produksyon at mga produktong pangkonsumo pagkaraan ng malawakang pinsala sa produksyon, transportasyon at mga sentro ng populasyon noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Ang ekonomya ng US na hindi nasira ng digmaan ay malakihang naglabas ng sobrang kapital sa mga nasalantang bayan, bagay na nagtulak ng mabilis na paglaki ng kapitalistang produksyon sa kabuuan.

Batay sa gayong paglawak ng produksyon at sa kalagayang nabuo ang sosyalistang kampo pagkatapos ng Digmaan at sumulong ang mga rebolusyon sa pambansang pagpapalaya, nagpanatili ang mga imperyalistang bayan ng mataas-taas na antas ng sahod at mga serbisyong panlipunang tinutustusan mula sa pondong publiko–kasabay ng walang tigil na pagsasabog ng modernong mass media at akademya ng anti-komunistang pambabaluktot at pananakot. Bagamat patuloy na lumaki ang sobrang halagang kinukuha ng mga kapitalista, napakalma ang mga manggagawa at namayani sa kilusang manggagawa ang repormismo, oportunismo at rebisyunismo.

Pero tumigil ang panahon ng mabilis na paglaki noong papatapos ang dekadang 1960. Mula noon, umiigting nang umiigting ang tunggalian ng mga manggagawa at burgesya, ang tunggalian ng kapital na monopolyo at di monopolyo, at ang tunggalian ng iba't ibang monopolyong grupo. Milyon-milyon ang tinatanggal sa trabaho taun-taon para paliitin ang gastos sa produksyon at palakihin ang ganansya. Mula 1990 hanggang 1994, 10 milyon ang nadagdag sa walang trabaho at may isang pagtaya na aabot sa 60 hanggang 70 milyon ang kabuuang bilang ng walang trabaho sa mga mauunlad na bayang kapitalista.

Ang patuloy na lumiliit na bilang ng manggagawa ay ipinaiilalim sa sari-saring patakaran sa "deregulasyon" at "pleksibilisasyon" ng paggawa para patuloy na lumikha ng papalaking kantidad ng produkto sa mas mababang sahod. Ayon sa isang pag-aaral, bumaba ng 6.4% taun-taon ang per yunit na gastos sa paggawa ng industriyang US mula 1985 hanggang 1995. Pinag-iibayo ang pagpiga sa kanila ng labis na halaga.

Kaalinsabay, ipinapasa nang ipinapasa sa mga manggagawa at maliit na mamamayan ang bigat ng pasanin sa buwis habang pinalalaki ang bawas sa buwis sa ganansya ng mga monopolista. Habang kinakaltasan nang kinakaltasan ang mga saligang serbisyong panlipunan, lalong pinalalaki ang mga subsidyo at suporta ng estado

sa mga monopolyo. Kaya habang noong 1950 hanggang 1978 ay tumaas ang kita ng lahat ng saray ng pamilya sa US, ang pinakamayayamang pamilya na lamang ang patuloy na lumaki ang kita noong 1978 hanggang 1993. Ang kita ng mga pinakamayamang pamilya (1% ng populasyon) ay bumubuo ng 31% ng kita ng lahat ng pamilya noong 1983 at umabot pa sa 37% noong 1989. Sa kabilang banda, 3 milyon ang walang tirahan. Ayon sa isang kwenta, mga 100 milyong mamamayan ng mga industriyalisadong bayan ang nasa kategorya ng naghihikahos.

Kaya ubos-kayang ginagamit ng monopolyong kapital ang modernong mass media, ang pinakakaiga-igayang mga teknik ng adbertaysing, at ang buong pwersa ng burges na hukbong pang-ideolohiya para payapain at pasang-ayunin ang balisang masang manggagawa. Kaalinsabay ang lumalakas nang lumalakas na ahitasyong rasista at neo-pasista. Tumitindi ang mga patakaran ng estado na mapanupil at laban sa mga manggagawang minorya sa umpisa pero nakaamba rin sa iba pang seksyon ng uring manggagawa.

## K. Eksport ng kapital

### 1. Bakit tumampok ang papel at kahalagahan ng eksport ng kapital sa monopolyong yugto ng kapitalismo?

Isang namumukod na katangian ng imperyalismo ang pagtampok ng papel at kahalagahan ng eksport ng kapital. Ang oligarkiya sa pinansya ay kumikita ng dambuhalang superganansya mula sa pamumuhunan at pagpapautang sa ibang bayan. Halimbawa, ang 50 porsyentong pag-aari ng pinakamalaking mga bangko ng US ay nasa ibayong-dagat, at ang 56 porsyento ng kita nila ay mula sa ibang bayan.

Sa panahon ng imperyalismo, ang buong daigdig ay nahahati sa dalawang panig—sa isang panig, ang iilang bayang mayaman sa kapital (US, Hapon, Pransya, Britanya, Alemanya, Italya, Canada) at nakikinabang nang husto sa pamumuhunan at pagpapautang sa

ibang bayan; at sa kabilang panig, ang lubhang nakararaming bayang salat sa kapital (ang karamihan ng bayan sa Asya, Amerika Latina at Aprika) at nakatali sa mayayamang bayan dahil sa pautang at tuwirang pamumuhunan. Hindi lamang nangingibabaw ang monopolyo ng kapital sa pinansya sa mga mauunlad na kapitalistang bayan, kundi may monopolyong posisyon din sa buong mundo ang iilang bayang ubod ng yaman sa kapital.

Ang eksport ng kapital, ang paglaki nito at ang kahalagahan nito ay resulta ng sobra-sobrang akumulasyon ng kapital sa mga imperyalistang bayan. Mabilis na nakapagkokonsentra ang oligarkiya sa pinansya ng napakalaking kapital sa pamamagitan ng monopolyong kontrol nila sa pinansya, produksyon at pamilihan. Pero kasabay nito, mabilis din ang relatibong pagkitid ng larangan ng pamumuhunan sa loob ng sariling bayan, na kapaki-pakinabang para sa monopolyong kapital. Kaya ineeksport ng mga monopolyo ang kanilang sobrang kapital sa ibang bayan sa layuning mapangalagaan at mapalaki pa ang kanilang ganansya at tantos ng ganansya. Sa pag-eeksport ng kapital, lalong napapalakas ng monopolyong kapital ang kanyang pusisyon sa sariling bayan at sa daigdig.

Naging posible ang pag-eksport ng kapital sa mga atrasadong bayan dahil sa pamamagitan ng kolonyalismo, nahigop ang mga ito sa pandaigdig na palitang kapitalista. Winasak ng kolonyalismo ng mga bagong namamayaning bayang kapitalista, ang Inglatera sa partikular, ang produksyong nakabatay sa kumbinasyon ng agrikultura, paghahayupan at pagyayaring-kamay ng mga kolonya at pinalaganap ang kalakalan at ekonomyang nakabatay sa salapi—para palawakin ang pamilihan ng kanilang mga yaring produkto at ang pagkukunan ng murang mga hilaw na materyales. Lumitaw sa mga kolonya ang mga panimulang sistema ng transportasyon, ang panloob na pamilihan bagamat limitado, at ang suplay ng lakas-paggawa sa pamilihan. At dahil atrasado ang mga kolonya, salat ang kapital, napakamura ng sahod at hilaw na materyales, at mababa ang presyo ng lupa sa mga ito. Natitiyak kung gayon ang napakataas na ganansya ng pamumuhunan.

Ang eksport ng kapital ay nag-aanyo ng tuwirang pamumuhunan, pautang, ayuda, atbp. Nakikinabang ang mga monopolyong kapitalista sa eksport ng kapital hindi lang dahil sa malaking ganansya at mataas na interes. Natitiyak din nila ang suplay ng murang hilaw na materyales para sa mga industriya ng kanilang bayan at bagsakan ng sarili nilang mga produkto.

**2. Paano ginagamit ng monopolyong kapital ang tuwirang pamumuhunan sa ibang bayan para pumiga ng dambuhalang superganansya?**

Ayon sa istatistiks ng UN, ang netong pasok sa ikatlong daigdig ng tuwirang pamumuhunan noong 1970-1980 ay umabot ng 62.6 bilyong dolyar. Sa panahon ding iyon, lumabas sa mga naturang bayan papunta sa mga pinakamayamang bansa ang ganansyang 139.7 bilyong dolyar. Bawat dolyar na ipinamuhunan sa mga atrasadong bayan, bumabalik sa mga imperyalistang bayang namuhunan ang halos 1 dolyar at 20 cents.

Noong 1980, ang kabuuang tuwirang pamumuhunan ng US sa ibayong-dagat ay lumampas sa 213.4 bilyong dolyar: mahigit 157 bilyong dolyar nito ang nasa mga industriyalisadong bayan at mahigit 52.6 bilyong dolyar sa mga atrasadong bayan. Ang ganansyang ibinalik sa US noong 1980 ay lampas sa 42.5 bilyong dolyar. Sa mga industriyalisadong bayan, ang tantos ng ganansya ay 18.7 porsyento, samantalang 24.6 porsyento sa ikalawa. Sumusunod ang tantos ng ganansya ng pamumuhunang US sa mga partikular na bansa noong 1980: Mexico, 37 porsyento; Brazil, 45 porsyento; Argentina, 44 porsyento; Timog Korea, 11 porsyento; Venezuela, 14 porsyento; Chile, 40 porsyento; at Ecuador, 30 porsyento.

Ang dayuhang pamumuhunan ng Hapon ay mabilis na lumaki mula 1985. Noong 1989, ang ipinuhunan ng mga monopolyong Hapones sa ibayong-dagat ay umabot sa 67.5 bilyong dolyar, pinakamalaki sa buong mundo. Ang kabuuang halaga ng dayuhang pamumuhunang Hapones ay 352.4 bilyong dolyar, pangalawa lamang sa US.

Ang ganansya ng mga monopolyong kapitalista sa pamumuhunan sa mga atrasadong bayan ay hindi lubos na makikita sa nakalathalang kita nila. Laganap ang patagong paglalabas ng ganansya mula sa mga bayang ito. Halimbawa, ang “transfer-pricing”: Ang mga hilaw na materyales at produktong binibili ng subsidyaryo sa atrasadong bayan mula sa ina o kapatid na kumpanya sa imperyalistang bayan ay pinapatungan ang presyo, at pinabababa naman ang presyo ng mga ibinebenta ng una sa huli. Mas maluwag pang nagagawa ito ngayon bunga ng paglaganap ng diregulasyon sa pagpasok at paglabas ng kapital at mga ispesyal na sona para sa produksyong pang-eksport sa mga atrasadong bayan.

Malaking bahagi din ng ganansya ay hindi inilalabas kundi ginagamit para palakihin lalo ang negosyo.

Para mas mabilis na palakihin ang kanilang negosyo, sinasamantala ng mga monopolyong kapitalista ang lokal na pangungutang. Nagtatamasa sila ng mga pabor sa pangungutang sa mga bangkong lokal na kung hindi man tuwirang kontrolado ay kaya nilang impluwensyahan sa iba’t ibang paraan.

Sa tuwirang pamumuhunan, mas direktang nakokontrol ng mga imperyalistang kapangyarihan ang ekonomya ng mga atrasadong bayan. Tuwirang nakokontrol nila ang mga pangunahin at estratehikong industriya, ang lokal na sistema ng pinansya at lokal na pamilihan. Napakalaki ng tinutubo nila pangunahin sa pamamagitan ng pagsasamantala sa murang lakas-paggawa at mga likas na kayamanan at pagsingil ng labis-labis para sa teknolohiya at makinarya. Bukod pa ang napakalaking pakinabang sa pagtiyak ng mas malawak na pamilihan ng mga produktong imperyalista.

Sa tuwirang pamumuhunan ng Hapon sa Europa at Hilagang Amerika, halimbawa, matingkad na layunin ang pakikipag-agawan ng pamilihan para sa mga produktong Hapones. Pero sa Asya na pinaglagyan ng mga monopolyong Hapones ng 53.4 bilyong dolyar, matingkad na layunin ang pagtatayo ng base ng produksyon para sa

mga produktong iniluluwas sa pamilihang US at Europeo. Nasasamantala nila sa gayon ang murang lakas paggawa na ayon sa isang kwenta ay 15-20 ulit na mas mura kaysa sa Hapon. Naiikutan pa nila ang mga hadlang ng US at Europa sa mga import na galing sa Hapon at naiiwasan ang pagtaas ng produktong Hapones sa pandaigdigang pamilihan bunga ng pagtaas ng halaga ng yen.

Kaya ang Hapon ang pangunahing dayuhang namumuhunan na sa Asya. Nangunguna ito sa Timog Korea (49% ng kabuuang pamumuhunan), Thailand (37%), Taiwan (26%), Indonesia (25%), at pumapangalawa sa Pilipinas at Singapore. Noong 1991 umaabot sa 1.12 milyon ang kabuuang bilang ng manggagawa at empleyado ng mga kumpanyang Hapones sa Asya.

Bunga ng matinding pananalasa ng krisis sa utang at pagbagsak ng pamilihan para sa mga tradisyunal na eksport ng mga atrasadong bayan, pangunahing umaasa sila sa tuwirang pamumuhunang dayuhan para sa pantustos sa mga depisit sa balanse sa bayaran. Kaya nagpapaligsahan ang mga reaksyunaryong gobyerno sa ikatlong daigdig sa pagbibigay ng sari-saring "insentibo" sa mga dayuhang mamumuhunan. Kabilang dito ang pagtiyak sa mababang sahod, pagsiil sa mga unyon at welga, paglilibre sa mga buwis, maluwag na labas-pasok ng kapital at ganansya, suportang pautang ng gobyerno, kontrata mula sa gobyerno, paggastos ng gobyerno sa mga imprastruktura at maraming iba pa.

Sa udyok ng IMF-WB at para may panustos sa mga depisit sa badyet ng gobyerno, lumaganap din ang "privatization" o pagbebenta ng mga korporasyong pag-aari ng gobyerno. Kalakhan ng tuwirang pamumuhunang dayuhan sa mga atrasadong bayan mula ikalawang hati ng dekadang 1980 ay napunta sa pagbili ng mga korporasyong ito na karaniwang binubuo ng mga pinakamalaki, pinakaestratehiko at pinakamataas ang kita. Kaya ibayo pang humigpit ang tuwirang pagkontrol ng mga dayuhan sa produksyon at ekonomya ng mga bayan ng ikatlong daigdig.

Hindi lamang sa mga atrasadong bayan namumuhunan ang mga monopolyong kapitalista kundi maging sa ibang bayang industriyalisado. Pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ang kalakhan ng pamumuhunan ng US sa ibayong-dagat ay itinuon sa Europa at Hapon. Sa gayon, nadomina ng US ang ekonomya ng mga ito habang di pa nakakabangon ang mga kapitalista roon, at bilyun-bilyong dolyar ang kinita ng US sa pamamagitan ng pagsamantala sa lokal na paggawa; bayad sa teknolohiya, patent at lisensya; at malakihang eksportasyon ng mga makinarya at iba pang kagamitan sa produksyon at mga produktong pangkonsumo.

Nang nakakabangon na ang Hapon at mga kapitalistang bayan sa Europa, lumaki rin ang sariling pamumuhunan nila sa ibang bayang industriyalisado. Layunin ng ganoong pamumuhunan ang makibahagi sa malaking kita na bunga ng mabilis na pag-unlad ng ekonomya ng mga bayang kapitalista pagkatapos ng digmaan. Mula dekadang 1970 tampok na layunin ng mga imperyalistang bayan sa pamumuhunan sa mga industriyalisadong bayan ang pagbili ng nakatayo nang mga kumpanya para sa pagpapalakas ng posisyon sa buong mundo at sa target na bansa sa unahan sa teknolohiya at pamilihan.

Isang anyo ng tuwirang pamumuhunan na lumaganap at lumaki sa nakaraang mahigit isang dekada ang portfolio investments. Ipinapasok ang pamumuhunang ito hindi sa industriya, kundi sa ispekulasyon sa pamilihan ng sosyo at bono ng gobyerno at sa real estate. Mabilis na pumapasok at lumalabas sa iba't ibang bayan ang pamumuhunang ito sa paghahanap ng madali at mataas na tantos ng ganansya. Ang pagdagsa sa isang atrasadong bayan ng ganitong pamumuhunan ay lalong nag-eengganyo sa ispekulasyon, pangungurakot at pagwawaldas ng limitadong rekurso sa luho ng mga naghaharing uri. Sa kabilang banda, ang biglang pagtalilis naman nito, gaya ng nangyari sa Mexico noong 1994, ay nagbubunga ng pagbagsak ng lokal na produksyon at kalakalan at sukdulang paghihirap sa karaniwang mamamayan. Sa laki ng ispekulatibong kapital na gumagalaw araw-araw, kahit ang pagtulong-tulong ng mga

bangko sentral ng mga pinakamayamang bansa ay ilang ulit nang nabigong kontrolin ang di karaniwang bugso ng ispekulasyon sa internasyunal na pamilihan sa pinansya.

**3. Paano pinakikinabangan ng monopolyong kapital ang pagpapautang at ayuda sa mga atrasadong bayan?**

Ang pagpapautang at ayuda ng mga monopolyong kapitalista sa mga atrasadong bayan ay mahigpit na nakakawing sa kanilang tuwirang pamumuhunan sa huli. Ang pagpapautang, bukod sa kumikita ng napakataas na interes, ay ginagamit para makapagdikta ng mga patakaran sa ekonomya, pumiga ng maksimum na kaluwagan para sa dayuhang negosyo at pamumuhunan, sumakmal ng malalaking kontrata ng gobyerno, magpalawak ng pamilihan para sa mga produktong imperyalista, at tumiyak na maiuuwi kapag ginusto nila ang limpak-limpak na superganansyang nahuhuthot nila sa mga atrasadong bayan.

Ang pandaigdig na krisis sa utang ng ikatlong daigdig na nagsimula noong dekadang 1980 ay buong linaw na nagpapakita kung paano pumipiga ng superganansya at dambuhalang pakinabang ang mga monopolyong kapitalista sa pagpapautang sa mga atrasadong bayan. Ayon sa istatistiks ng UN, ang kabuuang utang sa dayuhan ng ikatlong daigdig ay lumaki nang dalawa at kalahating ulit mula 567 bilyong dolyar noong 1980 hanggang 1,419 bilyong dolyar noong 1992. Sa loob ng 12 taong iyon, ang kabuuang ibinayad ng ikatlong daigdig sa mga nagpautang ay 1,662 bilyong dolyar, pero patuloy pa ring lumaki ang kanilang pagkakautang. Taun-taon, ang ibinabayad sa pagkakautang ng ikatlong daigdig ay umaabot sa 70 bilyong dolyar para sa prinsipal at 90 bilyong dolyar sa interes.

Mula nang pumutok ang pandaigdigang krisis sa utang, sunud-sunod na plano ang ipinatupad ng mga imperyalistang bayan at ng IMF-WB para lutasin ito. Ikinonsentra ang pagpapautang at pansin ng IMF-WB sa pag-obliga at pagpukpok sa mga bayang lubog sa utang na patuloy na magbayad sa kanilang utang. Biglaan at sukdulang

pinabawasan ang importasyon at gastos ng gobyerno; hinayaang bumagsak ang mga industriya at serbisyong panlipunan; at sinaid ang kita sa eksport, kita ng mga migranteng manggagawa, kita sa pagbebenta ng mga korporasyong gobyerno, at pati bagong pangungutang sa labas—para sa patakarang “lahat para sa pagbabayad ng utang”.

Bunga niyon, 20 hanggang 30 bilyong dolyar taun-taon sapul ng 1984 ang netong halagang sapilitang napadaloy mula sa pinakamahihirap na bansa papunta sa pinakamayayaman, na ang kalakhan ay sa mga monopolyong bangkong komersyal. Ang kabuuang ibinayad ng ikatlong daigdig ay halos tatlong ulit ng kabuuang utang nang magsimula ang mga plano sa paglutas ng krisis sa utang. Mas masahol, sa halip na mabawasan, lalong lumobo ang kabuuang utang. Malaking bahagi din ng utang ang ibinenta ng mga bangko na may malaking diskwento sa ibang monopolyong kapitalista at ipinagpalit naman ng huli sa sosyo sa mga korporasyong publiko na isinapribado ng mga bayang lubog sa utang.

Samantala, umabot sa 1 bilyon ang wala o kulang ng trabaho sa ikatlong daigdig ayon sa istatistiks ng UN. (Di hamak na mas malaki pa ang problema dito sa katunayan.) Ang bilang ng “absolutong naghihikahos” (nabubuhay sa 80 cents sa isang araw), ayon din sa istatistiks ng UN, ay nadagdagan ng hanggang 600 milyon noong dekadang 1980 at umabot sa 1.3 bilyon noong 1990. Lalong lumaki ang di pagkakapantay-pantay sa buong daigdig: ang kita ng pinakamayamang 20% ng populasyon ng daigdig ay umabot sa 85% ng kabuuang kita sa buong daigdig mula sa 70% noong 1960.

Ang pautang sa mga atrasadong bayan ay maaaring pribado (pautang ng mga monopolyong bangkong komersyal), at “upisyal na ayuda” na multilateral o mula sa mga institusyong internasyunal tulad ng IMF, World Bank at Asian Development Bank, at bilateral o “ayuda” ng isang gubyerno sa isa pang gubyerno. Mataas ang interes ng pribadong pautang, at malaking bahagi nito ay maikli ang taning

ng pagbabayad. Tumampok ito noong dekadang 1970 nang ginamit ng mga monopolyong bangkong komersyal ang dagsa ng depositong dolyar ng mga bansang eksporter ng langis para engganyuhin ang pangungutang ng mga bayan ng ikatlong daigdig at tustusan sa gayon ang pagpapalawak ng importasyon ng huli ng mga produktong eksport ng mga industriyalisadong bayan. Ang pagtutulak ng mga monopolyong bangkong komersyal, ang pagpapasasa ng mga naghaharing uri sa ikatlong daigdig sa luho at mga imported na produktong pangkonsumo, at ang walang katulad na korupsyon at pangungulimbat ng mga burukratang kapitalista ay nagtulung-tulong para likhain ang naging pandaigdig na krisis sa utang pagdating ng dekadang 1980.

Relatibong mababa ang interes ng "upisyal na ayuda" pero patung-patong ang mga kondisyong nagtatali sa "inaayudahan". Pangunahin sa mga kundisyong ito ang pagtataguyod sa produksyon para sa eksport, liberalisasyon para sa dayuhang puhunan at kalakal, pagtiyak ng patuloy na pagbabayad sa utang sa dayuhan, pagtiyak na maluwag na mailalabas ng mga dayuhang mamumuhunan ang kanilang kita, pagtiyak sa mura at masunuring lakas paggawa, pagtatayo ng mga imprastrukturang suporta sa produksyong pang-eksport at negosyong dayuhan, at maraming iba pa.

Ang bilateral na "upisyal na ayuda" ay mahigpit na nakakawing sa tuwirang pamumuhunan at estratehikong interes ng imperyalistang bayan. Kaya 60% ng "ayuda" ng Japan na pinakamalaki sa kasalukuyan ay inilalaan sa Asya. Ang pinakamalaking bulto ng "ayuda" ng Alemanya ay pumupunta sa Silangang Europa na konsentrasyon din ng pagpapalawak ng tuwirang pamumuhunang Aleman. Ang pinakamalalaking "ayuda" ng US ay pumupunta sa mga papet na gobyerno ng mga bayang nasa mga rehiyong pinakamaselan sa estratehikong interes ng US, gaya ng Israel, Ehipto at Poland. Malaking bahagi nito ay "ayudang militar" na tumitiyak ng pamilihan para sa imperyalistang industriyang militar bukod sa mga estratehikong pakinabang. Ang mga "ayudang" ekonomiko at

militar ay karaniwan bahagi ng opensiba ng mga monopolyo sa pagpapalawak ng eksport.

Ang mga "ayudang pangkaunlaran" at "ideolohiya ng kaunlaran" ay nagsimulang itambol ng mga imperyalista noong dekadang 1960 na kanilang idineklarang "dekada ng kaunlaran". Nang dekada ring iyon, tumigil ang panahon ng mabilis na paglaki ng ekonomya ng mga imperyalistang bayan at unti-unting umigting ang tunggalian nila para sa pamilihang pandaigdig. Ang kabuuang resulta ng 3 dekada ng "ayudang pangkaunlaran" ay ang ibayong paglaki ng agwat ng kita ng mga bayang mayaman at mahirap, at ang pagsahol ng paghihikahos at pagkaatrasado ng kalagayan sa malaking mayorya ng mga bansa. Pagdating ng ikatlong dekada ng "pagpapaunlad", ang ibinayad sa utang ng "inaayudahan" ay 3 ulit na mas malaki sa "ayuda" sa kanila. Sa katunayan, ang naturang "ayuda" ay nakabalatkayong subsidyo ng mga imperyalistang gobyerno sa kani-kanilang monopolyong kapital at pansuhol at pansuhay sa mga reaksyunaryong uring papet nila sa ikatlong daigdig.

Ang dambuhalang krisis sa utang ay ibayo pang sumahol sa nakaraang isa at kalahating dekada sa mabilis na paglobo ng depisit sa badyet at utang ng mga gobyernong imperyalista, gayundin ng pribadong pangungutang ng mga korporasyong monopolyong kapitalista laluna kaugnay ng mga multibilyong dolyar na pagsasanib at pagsakmal ng mga dambuhalang korporasyon. Ang utang ng mga gobyerno ng 12 bayan ng European Community ay 4,000 bilyong dolyar noong 1994 samantalang ang sa US ay 4,900 bilyong dolyar. Ang pinakamalaking bulto ng pautang ng mga bangkong Hapones noong mga taong 1980 ay pumunta sa gobyernong US.

Gayunman, di tulad ng ikatlong daigdig, ang mayayamang bansa at mga monopolyong korporasyon ay hindi inoobligang isangla ang buong kayamanan at kinabukasan nila kapag nalulubog sa utang. Nagagamit nila ang kanilang monopolyong posisyon sa ekonomya, kalakalan at pinansya ng buong mundo para patuloy na makapang-

abuso sa sistema ng pautang at ipasa sa iba ang pasanin sa pamamagitan ng pagpiga ng higit pang superganansya.

**4. Paano pinagsasamantalahan ang mga bayang atrasado sa kalakalang kolonyal?**

Bagamat mas tumampok at naging lubhang mahalaga ang eksport ng kapital sa panahon ng imperyalismo, nananatiling esensyal sa monopolyong kapital ang eksport ng kalakal at ang patuloy na pagpapalawak ng pamilihan para dito. Sa katunayan, ang eksport ng kapital ay tinitiyak na nagbibigay-daan din sa mas malaking benta ng mga produkto, na kailangan sa realisasyon ng labis na halagang nasa kalakal, at masagana at murang suplay ng hilaw na materyales at pagkain, para sa pagpapaliit ng gastos sa produksyon at pagpapataas sa gayon ng tantos ng ganansya. Lalong tumatampok ang aspetong ito ng operasyon ng monopolyong kapital habang lalong umiigting ang kumpetisyon ng mga pangunahing bayang imperyalista sa pagkontrol ng pamilihang pandaigdig.

Nitong nakaraang ilang dekada, kasabay ng tuwirang pamumuhunan sa ikatlong daigdig, lumaki ang pag-eeksport ng mga imperyalistang bayan ng makinarya, naprosesong hilaw na materyales at iba pang kasangkapan para sa produksyong pang-eksport at pagpoproseso ng mga produktong pankonsumo sa huli. Ang limitadong manupaktura sa mga ito ay patuloy na nakatali sa mga imported na makinarya, panggatong, hilaw na materyales at intermedyang produkto at nagsisilbi pangunahin sa pagpapalawak ng pamilihan para sa mga industriyal na eksport ng mga imperyalistang bayan.

Walang saligang pagbabago sa padron ng kalakalang kolonyal sa pagitan ng mga atrasadong bayan at mga imperyalistang bayan. Monopolyo ng huli ang pagbebenta ng mga produktong industriyal, laluna ng makinarya at teknolohiya, at ang pagbili ng mga hilaw na materyales at produktong agrikultural ng mga atrasadong bayan. Ang pangkalahatang tendensya ng kalakalang ito, sa isang banda, ay ang pagmura ng mga ini-eksport na mga primaryang kalakal ng mga

atrasadong bayan, na obligado silang ibenta sa papalaki nang papalaking kantidad mamantini lamang sa dating antas ang kanilang kita sa eksport. At sa kabilang banda, ang pagmahal naman ng ibinebenta ng mga imperyalistang bayan.

Ayon sa istatistiks ng UN, ang proporsyon ng presyo ng mga eksport at presyo ng mga import ng mahihirap na bayan ay bumagsak mula 100 noong 1980 tungong 48 noong 1992. Sa naturang 12 taon, 52% ng tunay na kita sa eksport ng mga atrasadong bayan ang nawala. Ibig sabihin kung gusto nilang mabili ng kita nila sa eksport noong 1992 ang kantidad ng mga import nila noong 1980, kailangang mag-eksport sila ng mahigit doble ng kantidad ng eksport nila noong 1980. Sa kabilang banda, bunga ng gayong pagbagsak ng halaga ng eksport ng mga atrasadong bayan, bilyon-bilyong dolyar ang nadagdag sa ganansya ng mga monopolyong kapitalista.

Malaking kapinsalaan ang idinudulot ng ganitong di pantay na palitan ng kalakal sa ekonomya ng mga atrasadong bayan. Patuloy na lumalaki ang depisit nila sa kalakalang panlabas bukod pa ang walang tigil na malakihang paglilipat ng likas na kayamanan at produkto ng paggawa tungo sa mas mayayamang bayan. Ito, kasabay ang tuwirang pamumuhunan at pagpapautang ng mga imperyalista, ang saligang mga dahilan ng pagkabansot ng mga atrasadong bayan. Sa kabilang banda, sinasamantala ng mga imperyalista ang kondisyong ito para patuloy na makapaghakot ng superganansya sa pamamagitan ng higit na pagpapatindi sa nabanggit na mga paraan. Habang tendensya ng imperyalismo na paunlarin ang kapitalismo sa mga atrasadong bayan, sinasagkaan naman nito ang lubos na pag-unlad niyon.

May ilang bayang tinaguriang bagong nag-iindustriyalisang bansa tulad ng Timog Korea at Taiwan na nakaalpas sa paghihikahos at nagawang makapagpalaki ng kanilang produktong industriyal sa pamamagitan ng produksyon para sa eksport pangunahin sa pamilihan ng US. Sadyang pinaburan sila ng mga kontrata sa konstruksyon at pagsusuplay ng mga kagamitan sa mga digmang

mapanalakay ng US sa Asya at malaking puwang sa pamilihang US. Ginamit sila ng imperyalismong US hindi lamang bilang mga base sa estratehikong pagkubkob sa sosyalistang Tsina (noong panahon ni Mao) at Hilagang Korea, kundi bilang pandispley din ng "superyoridad" ng kapitalismo laban sa sosyalismo. Hinayaan silang makapag-ipon ng isang antas ng lakas sa ekonomya at posisyon sa pandaigdig na pamilihan sa pamamagitan ng produksyon para sa eksport ng mumurahing kalakal gaya ng damit, sapatos at laruan at bahagyang pagpoproseso ng mga re-eksport na produktong elektroniks. Mula doon nakapagtayo sila ng ilang saligang industriya, nakapasok sa produksyon at pamilihan ng ilang pangmatagalang produktong pangkonsumo at ilang produktong mataas ang teknolohiya. Lubha silang dependyente sa mga imperyalistang bayan para sa teknolohiya (partikular mula Hapon) at pamilihan (partikular sa US) para sa limitadong puwang na naokupa nila. At sa nakaraang mga taon tumitindi ang krisis na kanilang hinaharap bunga ng mabilis na pagkitid ng dayuhang pamilihan para sa kanilang eksport, paglakas ng kumpetisyon mula sa mga bayang mas mura ang lakas paggawa, at lumalakas na presyur ng mga imperyalistang bayang mabangis na naglalabanan para sa pamilihan ng kani-kanilang eksport. Hindi lang sa hindi na umiiral ang sitwasyon para ulitin ng ibang bayan ang kanilang pag-unlad na nakatuntong sa eksport, nakabitin sa balag ng alanganin kahit ang kanilang kakayahang ipagtanggol ang antas ng pag-unlad at limitadong puwang na nakamit nila.

## *D. Pang-ekonomyang dibisyon ng daigdig*

### 1. Paano naganap ang konsentrasyon ng kapital at produksyon sa antas ng buong daigdig?

Ang pangingibabaw ng mga monopolyo sa mga imperyalistang bayan, ang patuloy na pagtindi ng konsentrasyon ng kapital at produksyon sa kamay ng iilang malaking grupo sa pinansya't industriya, at ang kasabay na paglimas ng kayamanan ng daigdig patungo sa iilang imperyalistang bayan—ang mga ito ay natural na nagbubunga ng konsentrasyon ng kapital at produksyon ng buong

daigdig sa kamay ng iilang internasyunal na grupong monopolyo. Ang paglitaw ng mga internasyunal na monopolyo ay isa pang saligang katangian ng imperyalismo.

Bago ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ang pangunahing anyo ng mga monopolyong internasyunal ay ang mga organisasyon, kasunduan at sabwatan ng mga pinakamakapangyarihang monopolyo ng iba't ibang imperyalistang bayan. Sa mga nasabing organisasyon at kasunduan, pinaghahatian nila ang pamilihang internasyunal, mga teritoryo ng pamumuhunan, at mga pinagkukunan ng hilaw na materyales. Pinagkakasunduan nila ang dami ng lilikhaing produkto, ang presyo sa pamilihang internasyunal at pati ang laki ng sobrang ganansya na maaangkin ng bawat monopolyo sa pagnenegosyo sa labas ng sariling bayan. Ang kumpetisyon sa pamilihang internasyunal ay hinahadlangan ng sabwatan at manipulasyon ng mga pinakamakapangyarihang monopolyo.

Ang mga halimbawa ng mga internasyunal na organisasyon at kasunduang monopolyo ay ang kartel sa langis ng mga monopolyong Amerikano at Ingles-Olandes, at ang kasunduan sa mga produktong elektrikal ng General Electric ng US at Alemanya. Noon, ang Amerikang Latina ay teritoryo ng mga monopolyong Ingles at Amerikano; ang Asya ay sa mga monopolyong Ingles, Pranses, Amerikano, Hapones at Olandes; at ang Aprika ay sa mga monopolyong Europeo.

Pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, nagpatuloy ang mga internasyunal na sabwatang monopolista pero ang anyo ng monopolyong internasyunal na mas lumaganap at mas lumakas ay ang mga korporasyong multinasyunal (MNC) at transnasyunal (TNC). Ang mga ito ay mga higanteng korporasyong monopolyo na may mga sangay at kaanib sa maraming bayan at parte ng daigdig. Ang mga multinasyunal ay namumuhunan at nangangalakal sa maraming bayan pero kontrolado ng monopolyong kapital ng isang bansa at nakabase sa naturang bansa na pinagkokonsentrahan ng

kalakhan ng kanilang pag-aari, pananaliksik at pagpapaunlad sa teknolohiya, at benta. Ang mga korporasyong transnasyunal ay tulad ng mga multinasyunal, maliban sa nakakalat sa labas ng bansang punong-himpilan ang kanilang mga may-ari ng sosyo, pag-aari, benta at maging pinagmumulan ng mga manedyer at empleyado. Ang pinakamalalaking korporasyon ng US, Hapon at Europa ay mga multinasyonal. Ang mga transnasyunal ay lumitaw sa Europa, bunga ng pagsasanib ng monopolyong kapital ng dalawa o higit pang bayan para mas epektibong makipagkumpitensya sa mas makapangyarihang mga multinasyunal ng US at, nitong bandang huli, pati ng Hapon.

Ang mga korporasyong multinasyunal ay kumakatawan sa konsentrasyon ng kapital at produksyon sa buong daigdig, na mas mataas pa ang antas kaysa sa mga kasunduang internasyunal. Pero kahit ang mga dambuhalang ito ay nagkakasundo at nagsasabwatan para higit pang pahigpitin ang kanilang monopolyong kontrol sa ekonomya, produksyon at pamilihan ng buong daigdig.

Sa kasalukuyan ay may humigit-kumulang 40,000 MNC (korporasyong multinasyunal) na may 250,000 kaanib sa ibang bayan. Ang 100 pinakamalaking MNC (liban sa mga nasa bangko at pinansya) ay may mga 3,700 bilyong dolyar na ari-arian sa buong mundo na ang 1,300 bilyong dolyar ay nasa labas ng kanilang bansa. Ang 100 ito ang pinagmulan ng isang-katlo ng pinagsama-samang panlabas na tuwirang pamumuhunan ng mga bansa nila.

Ang 500 pinakamalaking korporasyong industriyal sa buong mundo ay nag-eempleyo ng 0.05% ng populasyon at kumokontrol ng 25% ng kabuuang produkto ng mundo. Isang porsyento lang ng lahat ng MNCs ang nag-aari ng kalahati ng kabuuang pondo ng panlabas na tuwirang pamumuhunan ng mundo. Dalawang-katlo ng kalakalang pandaigdig ang kontrolado ng mga MNC; kalahati ng kalakalang ito o 1,300 bilyong dolyar ng eksport ay kalakalang internal sa mga MNC at mga kaanib nila. Sa bawat 5 dolyar na benta sa ibayong-

dagat ng mga MNC ng US, 4 dolyar ay produkto at serbisyong galing o ibinenta sa kanilang dayuhang kaanib.

Kontrolado ng 5 nangungunang MNC ang halos 70% ng pandaigdig na pamilihan ng mga pangmatagalang produktong pangkonsumo. Kontrolado din ng 5 nangungunang korporasyon sa mga industriya ng awto, eroplano, paglalakbay na panghimpapawid, mga sangkap na elektrikal, elektroniks, at bakal ang mahigit 50% ng kabuuang produksyon. Ang 5 nangungunang MNC sa industriya ng langis, personal na kompyuter at mass media ang pinagmumulan ng mahigit 40% ng benta sa buong mundo. Ang mga dayuhang kaanib ng 23 MNC ang pinagmumulan ng 80% ng kabuuang benta ng elektroniks sa mundo. Pitumpo hanggang 80 porsyento ng gastos sa pananaliksik at pagpapaunlad ng teknolohiya sa buong mundo at 80 hanggang 90 porsyento ng bayad sa teknolohiya ay nasa loob ng mga MNC.

Ang pinakamalalaking korporasyon sa US, Hapon at Kanlurang Europa ngayon ay mga multinasyunal. Ang paglakas ng mga MNC pagkatapos ng Digmaan ay resulta ng maraming dahilan. Isa rito ang mabilis na akumulasyon ng kapital at masiglang negosyo dahil sa napakalaking pangangailangan sa produktong industriyal pagkatapos ng gera. Isa pa ang malaking pag-unlad sa teknolohiya na nangangailangan ng mas malaking kapital, mahigpit na kontrol sa pamilihan para mapakinabangan nang husto ang mga bentahe sa teknolohiya at mabawi ang malaking gastos sa pagdiskubre nito, at mas malawakang ispesyalisasyon at mas mahigpit na koordinasyon sa produksyon. Isa ring mahalagang dahilan ang pagnanais ng mga monopolyong kapitalista na samantalahin ang pagkakaiba-iba sa presyo ng hilaw na materyales, makinarya, lupa, lakas-paggawa at kalakal sa iba't ibang bayan, kasabay ng pagnanais nilang malampasan ang mga limitasyong itinatakda ng iba't ibang bayan sa labas-pasok ng kapital at kalakal.

Para makapagpalawak sa ibang bayan, ang mga multinasyunal ay nagtatayo ng sangay o di kaya'y nanlalamon ng nakatayo nang mga

empresa at mga pasilidad sa produksyon, pagbebenta, pananaliksik at pinansya ng ibang bayan. Karaniwan, ang ikalawang paraan ang ginagamit ng mas malalaking korporasyon, laluna sa pagpapalawak sa ibang industriyalisadong bayan.

Susi ang tungkulin ng kapitalismong monopolyong estado sa internasyunal na pagpapalawak ng mga MNC at pakikipagkumpitensya sa mga MNC ng ibang imperyalistang bayan. Ang "upisyal na ayuda" ng mga imperyalistang estado ay nakadisensyo para tustusan at itaguyod ang pamumuhunan, pakikipagkalakalan at negosyo sa ibayong-dagat ng kani-kanilang MNC. Ang mga "ayuda" ay ikinukumbinasyon sa diplomasya at pambabraso para buksan ang mga pinto ng ibang bayan at alisin ang mga hadlang sa pagpasok ng pamumuhunan at kalakal ng mga MNC. Ang opensiba ng monopolyong kapitalismong US para mabawi ang dating dominanteng posisyon nito ay tuloy-tuloy na itinulak ng agresibong opensiba sa kalakalan, diplomasya at pulitika mula kay Reagan hanggang sa "diplomasyang pangkalakalan" ni Clinton. Sa pagtindi ng kumpetisyon sa pagitan ng mga MNC ng iba't ibang imperyalistang bayan, kahit ang kanilang mga ahensya sa paniktik ay pinalalaki ang gawain sa paniniktik at kontra-paniniktik na industriyal at ekonomiko.

**2. Ano ang mga epekto ng internasyunal na konsentrasyon ng kapital at produksyon sa pag-unlad at relasyon ng mga bayan?**

Sa pagkakakonsentra ng kapital at produksyon ng daigdig sa iilang monopolyong internasyunal, nasesentralisa nang lampas sa hangganan ng mga indibidwal na bayan ang pagdedesisyon tungkol sa pamumuhunan, pagpapaunlad ng teknolohiya, produksyon at kalakalan. Dahil sa kanilang monopolyo at kapangyarihan, ang mga desisyon at aktibidad ng mga korporasyong multinasyunal ay mapagpasyang nakakaapekto sa galaw ng kapital, teknolohiya, produksyon at kalakal sa buong daigdig.

Pero ang gayong antas ng konsentrasyon at sentralisasyon ay lalo lamang nagpapatindi sa di pantay na pag-unlad ng mga bayang saklaw ng sistemang kapitalista. Ang internasyunal na konsentrasyon ng kapital at produksyon ay pinakikinabangan ng iilang bayan lang, at kahit sa iilang bayang ito, ang bilis ng pag-unlad—ibig sabihin, ang laki ng pakinabang ng bawat isa—ay hindi pantay-pantay.

### Di pantay na pag-unlad ng mga bayang industriyalisado at atrasado

Para sa mga atrasadong bayan, ang kabuuang epekto ng napakataas na antas ng konsentrasyon ng kapital at produksyon sa buong daigdig ay ang mas matinding pagsasamantala ng mga imperyalistang bayan, ang mas malakihang paglalabas ng kayamanan mula sa kanila, at ang lalong paglaki ng mga hadlang sa sarili nilang industriyalisasyon. Ang kapangyarihan ng imperyalismo ay lalong nagpapalaki sa agwat sa pagitan ng mga industriyalisadong bayan at atrasadong bayan. Ang lalong paglaki ng agwat ay lalo namang nagpapatibay sa dominasyon ng imperyalismo sa ekonomya ng daigdig.

Ang dominasyon ng imperyalismo ay lumilimas sa malaking bahagi ng likas na yaman at produkto ng paggawa ng mga atrasadong bayan. Umuugnay ang imperyalistang interes sa interes ng malalaking kumprador burges, mga panginoong maylupa, at komersyante-usurero. Dahil pinananatili ang pyudal at malapyudal na relasyon sa kalakhan ng agrikultura, ang isa pang malaking bahagi ng produkto ng paggawa ay napupunta sa upa sa lupa at ganansya ng usurero't komersyanteng kapital, sa halip na magamit para palakihin ang kapital sa industriya. Ang magkasanib na panghuhuthot ng imperyalismo at mga lokal na ahente nito sa populasyon ay naglilimita sa paglaki ng lokal na pamilihan at ng pambansang industriya. Ang atrasado at hikahos na kalagayan ng masa sa kanayunan ay kundisyon para mamalaging mababa ang sahod; limitado ang lokal na pamilihan at salat sa kapital, at sa gayo'y napipigilan ang pagpapalaki't pag-iipon ng kapital para sa

lokal na industriya. Ang dayuhang kontrol sa manupaktura ay malaki ring sagka sa pag-unlad ng industriyalisasyon.

Sa kabilang banda, ang pagkabansot ng pag-unlad ng mga atrasadong bayan ay lubhang kapaki-pakinabang para sa imperyalismo. Dahil atrasado, ang mahihirap na bayan ay pwersadong umasa nang malaki sa dayuhang pamumuhunan, pautang at teknolohiya. Labis-labis ang suplay ng murang lakas paggawa. Madali silang mapasunod sa internasyunal na hatian ng paggawa na itinatakda ng monopolyong kapital: bilang tagalikha ng hilaw na materyales para sa mga industriya ng mga bayang imperyalista at taga-import ng mga yaring produkto at modernong kagamitan sa produksyon. Madaling dominahin at diktahan ng monopolyong kapital ang kanilang ekonomya at pulitika.

Ang dominasyon ng imperyalismo ay nagpapatindi rin sa di pantay at di timbang na pag-unlad ng lokal na ekonomya ng mga atrasadong bayan. Ang kapitalistang produksyong pang-eksport na pangunahing sinasalalayan ng pambansang kita at ang mga partikular na sektor nito ay sumisigla o tumatamlay, lumalaki o lumiliit, depende sa pangangailangan ng mga imperyalistang bayan. Ang kapitalistang produksyon para sa lokal na pamilihan ay nakatuon sa menor na pagpoproseso ng mga produktong pangkonsumo ng maliit at nakaaangat na bahagi lang ng populasyon, umaasa sa iniimport na makinarya at iba pang kagamitan sa produksyon, at nagsisilbing daluyan ng produktong industriyal mula sa mga imperyalistang bayan. Sa pagitan ng mga sektor na ito—na parehong di makatindig sa sarili at di balanse at di magkatugon ang pag-unlad—ay ang atrasadong produksyong agrikultural ng maliliit na magsasaka na pinaghaharian ng mga lumang tipong panginoong maylupa at komersyanteng usurero.

Sa maraming bayan, ang di pantay na pag-unlad ay hindi lang nagbubunga ng pagkaatrasado at paghihikahos, kundi pati ng papatinding problema sa kasalatan sa pagkain. Ang limitadong rekurso ng mga atrasadong bayan ay sinasaid sa pagbabayad ng

utang sa dayuhan, paglalabas ng superganansya ng mga monopolyo, pag-iimport ng mga produktong para sa konsumo at luho ng maliit at nakaaangat na saray ng populasyon, korupsyon ng mga burukratang sibil at militar, militarisasyon at mga kagamitang militar, mga insentibo sa dayuhang pamumuhunan, suporta sa produksyong pang-eksport, at iba pang paggastos na di produktibo. Ang mga rekurso at suporta sa agrikultura ay inilalaan sa produksyon para sa eksport. Papalaki nang papalaking bahagi ng lupang agrikultural ang sinasaklaw ng mga tanim na pang-eksport at ispekulasyon sa real estate–habang ang natitirang natatamnan ng butil ay nananatiling atrasado at salat sa pamumuhunan. Ang mga karagatan ay sinasaid, nilalason at pinapatay ng mga dambuhalang pangisdang barkong pabrika ng mga industriyalisadong bayan, aquaculture na pang-eksport at paggamit ng lason at pasabog na sa isang banda'y udyok ng paghahabol ng ganansya sa dayuhang pamilihan at sa kabila nama'y pagkukumamot ng pantawid-gutom ng mga dahop na mangingisda. Daan-daang milyon ang biktima ng gutom at malnutrisyon. Apatnapung libong bata ang namamatay araw-araw dahil sa sakit.

Para makaalpas sa miserableng pamumuhay at maghanap ng trabaho, daan-daang milyon ang dumadayo sa ibang bayan at iniiwanan ang kanilang pamilya. Ang malaking mayorya sa kanila ay mga "iligal na migrante" na nagtitiis ng mga sukdulang kalagayan sa pamumuhay at paggawa at pinagtutulungang huthutin ng mga recruiter, burukrata at employer. Ang milyon-milyong migranteng manggagawa sa mga industriyalisadong bansa ay ginamit ng monopolyong kapital bilang reserba ng murang lakas paggawa para pababain ang kabuuang antas ng sahod, suhetuhin ang mga unyon at taal na lakas paggawa, at tiyakin ang superganansya. Pero sa pagtindi ng krisis ng kapitalismo, tinatarget sila ng rasismo, diskriminasyon at mga restriksyon ng gobyerno. Kapalit ng patung-patong na hirap at sakit ng mga migrante ay ang bilyon-bilyong dolyar na ipinadadala nila sa tinubuang bayan at doon ay hindi maaaring paligtasin sa panibagong paghahangad, pagkaltas at

pagkontrol para pakinabangan nang husto ng mga monopolyong kapitalista at lokal na reaksyunaryong naghaharing uri.

Sa pagbagsak ng produksyon sa mga atrasadong bayan, ibayong lumalala ang kriminalidad at prostitusyon, kakabit ang paglaganap ng pagkagumon sa droga, epidemya ng AIDS, at kultura ng kabulukan at kabuktutan.

Ang isang siglo ng imperyalistang panghuhuthot sa lakas paggawa at likas na yaman ng ikatlong daigdig ay lumikha ng wala pang kasinlawak at wala pang kasintinding pananalanta sa kapaligiran. Ang pananalasang ito ay ibayo pang sumahol sa mga huling dekada ng siglo. Milyon-milyong mamamayan ang nasa panganib hindi lamang dahil sa karalitaan at kawalan ng hanapbuhay kundi pati sa mga kalamidad na bunga ng walang taros na pag-abuso sa kalikasan.

**Di pantay na pag-unlad ng mga imperyalistang bayan**

Ang internasyunal na sentralisasyon ng kapital at produksyon ay hindi rin pumapawi, at sa halip ay lalong nagpapaigting sa di pantay na pag-unlad at sa kumpetisyon sa pagitan ng mga imperyalistang bayan.

Sa huling digmaang pandaigdig, ibayong lumaki ang produksyong industriyal ng Estados Unidos samantalang nasalanta ang ibang imperyalistang bayan. Pagkatapos ng digmaan, namayani ang dominasyon ng imperyalismong US sa pandaigdig na sistemang kapitalista at maging sa ekonomya ng Kanlurang Europa at Hapon. Nakalamang nang malaki ang US sa kapital, teknolohiya, produksyon at kalakalan. Nangibabaw ang dolyar sa internasyunal na sistema ng pananalapi.

Pero nang makabangon ang ekonomya ng Kanlurang Europa at Hapon noong dekadang 1950, unti-unting lumakas ang pakikipagkumpitensya ng mga ito sa US. Sa tulong ng mga gubyerno nila, ang mga monopolyong Europeo ay nagsanib at nagtulung-tulong para labanan ang "pananalakay" sa Europa ng monopolyong

kapital ng Amerikano. Ang mga monopolyong Hapones ay mabilis na nakapagpalakas noong mga dekadang 1950 at 1960 mula sa malaking ganansya sa digmaang mapanalakay ng US sa Korea at Indotsina, mabilis na nagpaunlad ng kanilang teknolohiya, at nagtamasa ng mga bentahe sa mas murang lakas-paggawa.

Nagtagumpay nga ang US sa tinaguriang Cold War laban sa sosyalistang kampo sa umpisa at pagkaraan ay sa monopolyong burukratang kapitalismong Sobyet. Pero mas humina siya sa ekonomya at naiwanan ng gabundok na depisit sa badyet at utang. Noong dekadang 1970, bumagal ang paglawak ng mga korporasyong Amerikano sa ibayong-dagat, samantalang bumilis ang paglawak ng sa Hapon at Kanlurang Europa. Mabilis na lumaki ang pamumuhunan ng Hapon at Europa maging sa US.

Ang pagkatapos ng Cold War ay naglibre ng mga rekurso ng US para harapin ang hamon ng Europa at Hapon laluna sa kalagayang bumagal ang paglaki ng pandaigdigang produksyon at tumindi ang problema sa sobrang kapasidad sa mga pangunahing industriya. Bagamat hindi na kasindominante noong mga taong 1950, nananatiling ang US pa rin ang pinakamalakas at pinakamayamang bayang kapitalista.

Ang mga pagsisikap ng US na makabawi sa estratehikong panghihina ng kanyang industriya mula 1975, pasiglahin ang kanyang manupaktura at eksport, makaalpas sa gabundok na utang at depisit at ibahagi sa iba ang pasanin sa seguridad ay sumisira sa balanse ng relasyon nito sa kanyang mga alyadong kapitalista. Nagkukumahog ang US, Europa at Hapon sa pagkonsolida ng kani-kanyang pamilihang lokal at rehiyunal at pagpasok sa pamilihang nasa kontrol ng isa't isa.

Hindi rin pantay ang pag-unlad ng mga imperyalistang bayan sa Europa. Malaki ang lamang ng Alemanya sa iba, laluna pagkaraang magsanib ang Kanluran at Silangang Alemanya sa pinakamalaking pambansang pamilihan sa Europa at pagkaraang mauna ang

Alemanya sa pagpwesto sa mga “ekonomyang nasa transisyon” ng Silangang Europa. Malayong-malayo na ang kasalukuyang katayuan ng Inglatera kung ihahambing sa dating dominasyon niya sa buong pandaigdig na pamilihang kapitalista.

**Sabwatan at tunggalian ng mga monopolyong internasyunal**

Hindi nawawala ang kumpetisyon ng mga monopolyong internasyunal, kahit nagsasabwatan sila laban sa proletaryado at sambayanan ng daigdig. Ang konsentrasyon ng kapital at produksyon sa mundo ay mabilis na nagpapaliit sa bilang ng kapital na nagbabanggaan, pero nagpapalaki naman sa bawat kapital na kasali sa labanan. Nagpapabilis ito sa pagbabagu-bago ng balanse ng lakas sa pagitan nila, at nagpapatindi sa kanilang mga banggaan.

Sa pamamagitan ng sabwatan at labanan ng mga monopolyong internasyunal, nagaganap ang pang-ekonomyang paghahati-hati ng buong mundo sa pagitan ng mga kapangyarihang imperyalista. Ayon pa kay Lenin:

> “Hinahati ng mga kapitalista ang mundo, hindi bunga ng anumang malisya, kundi udyok ng naabot nang antas ng konsentrasyon na nagpupwersa sa kanilang bumaling sa pamamaraang ito para makapagtamasa ng ganansya. At pinaghahati-hatian nila ito “ayon sa laki ng kapital”, “ayon sa lakas”, dahil wala nang iba pang paraan ng paghahatian sa ilalim ng produksyon ng kalakal at kapitalismo. Pero ang lakas ay nagbabagu-bago alinsunod sa antas ng pag-unlad sa ekonomya at pulitika…”

Noong panahon ng Cold War, ang hatiang ito ay natabunan ng kanilang pagtutulungan laban sa kabilang kampo at laban sa patuloy na mga tagumpay ng pandaigdig na rebolusyong proletaryo hanggang kalagitnaan ng mga taong 1970.

Ngayon may unipikadong pandaigdig na ekonomyang kapitalista sa puntong walang seryosong paghamon sa sistemang kapitalista mula sa anumang bayang sosyalista. Kaalinsabay, ang ekonomya ng

mundo ay napaghati-hatian na ng mga dating kapangyarihang imperyalista. Kaya sa kabila ng kanilang sabwatan, ubos-kayang nag-uunahan sila sa muling paghahati ng mundo dahil itinutulak sila ng monpolyong kompetisyon at krisis ng labis na produksyon.

Ang mga kontradiksyon sa pagitan ng mga imperyalista ay nagbunsod ng mabilis na mga pagsulong ng siyensya at teknolohiya noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig at Cold War. Ang paggamit ng mga tradisyunal na kapangyarihang imperyalista ng nukleyar, elektronik at iba pang bagong teknolohiya sa produksyong panlipunan ay malaking bagay sa kanilang tagumpay laban sa monopolyong burukratang kapitalismong Sobyet. Ngayon ang maunlad na teknolohiya ay nagpapabilis nang higit kailan pa man sa krisis ng monopolyong kapitalismo at nagpapaigting sa mga saligang kontradiksyon ng pandaigdig na sistemang kapitalista.

Ang mga ahensyang multilateral gaya ng UN, IMF, WB, WTO, OECD, Group of 7, Group of 24 at iba pa ay pinagsososyohan ng mga imperyalistang kapangyarihan para sa kanilang pagsasabwatan at pagtataguyod ng kanilang interes, sa kapinsalaan ng malaking mayorya ng mga bayan sa mundo. Sa mga ahensyang ito, nagsasama-sama at nagsasabwatan ang mga monopolyong kapitalista ng iba't ibang bayan, pero ang tinig at partisipasyon ng bawat isa ay ayon sa kanilang kumparatibong lakas.

## *E. Teritoryal na dibisyon ng mundo*

### 1. Paano nakumpleto sa panahon ng imperyalismo ang teritoryal na dibisyon ng mundo?

Kaalinsabay at kaugnay ng sentralisasyon ng kapital at produksyon batay sa pang-ekonomyang paghahati ng daigdig, lumitaw din ang mga relasyon ng mga bayan batay sa teritoryal na dibisyon ng daigdig, tunggalian para sa mga saklaw ng impluwensya at tunggalian para sa kolonya at malakolonya.

Ang mataas na antas ng konsentrasyon ng kapital at produksyon, at ang mabilis na pag-unlad ng teknolohiya sa panahon ng imperyalismo, ay nangangailangan ng malawak at patuloy na lumalawak na teritoryong mapagpapalaguan ng sobrang kapital, pagkukunan ng hilaw na materyales, pamilihan ng sobrang produkto at panggagalingan ng superganansya. Itinutulak nito ang mga imperyalistang bayan na patindihin ang patakarang kolonyal at manakop ng iba pang bayan. Nagbibigay ang gayong pangongolonya ng lubos na garantiya sa mga monopolyo laban sa anumang maaaring mangyari sa tunggalian nito sa mga kakumpitensya, kabilang ang proteksyon sa pamamagitan ng mga monopolyo ng estado. Sa higit pang pag-unlad ng kapital, higit na nadarama ang kakulangan sa hilaw na materyales at sa pamilihan, at higit na matindi ang kumpetisyon para sa pagkukunan at potensyal na mapagkukunan ng hilaw na materyales at pamilihan.

Noong panahon ng malayang kumpetisyon, ang kolonyalismo ay ipinatupad sa kalagayang malalawak na teritoryo pa ng mundo ang bakante pa (ibig sabihi'y labas pa sa saklaw ng mga kolonyalista). Sa panahon ng imperyalismo, ganap nang napaghatian ng mga imperyalistang kapangyarihan ang mundo. Pagkatapos ng rurok ng kapitalismo ng malayang kumpetisyon noong 1860 at 1870, sumunod hindi lamang ang mabilis na paglaganap ng mga monopolyo sa ekonomya at produksyon, kundi pati ang pagragasa ng pangongolonya ng mga bayang kapitalista hanggang sa kumpletong maokupa ang mga "bakanteng" teritoryo ng mundo. Bahagi ng pagragasang ito ng pangongolonya ang digmang mapanalakay ng imperyalismong US laban sa malapit nang magtagumpay na mga pwersa ng Rebolusyong Pilipino ng 1896. Sa ganap na teritoryal pagkakahati ng mundo, nahati din ang mga bayan ng mundo sa pagitan ng mga bayang nang-aapi at mga bayang inaapi.

Matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, lumakas at tumampok ang mga kilusang mapagpalaya sa mga kolonya bukod pa sa paglawak ng kampong sosyalista. Napilitan ang imperyalismo na baguhin ang patakarang kolonyal mula sa tuwirang pangongolonya

tungo sa neokolonyalismo. Sa pamamagitan ng mga operasyon ng kapital sa pinansya tinitiyak ang mahigpit na kontrol ng monopolyong kapital sa ekonomya ng mga malakolonya. Napakalaki ng kapangyarihan ng kapital sa pinansya sa lahat ng relasyon sa ekonomya at maging sa lahat ng relasyong internasyunal kaya nagagawa nitong pasunurin at pinasusunod nito sa kanyang kagustuhan kahit ang mga estadong may ganap na kasarinlan sa pulitika. Kung totoo ito noong umpisa ng ika-20 siglo, maraming ulit na mas totoo pa ito sa kasalukuyang katapusang dekada ng siglong ito.

Gayunman, hindi tumitigil ang mga imperyalistang bayan sa kontrol sa ekonomya. Bagamat lipas na ang panahon ng tahasang kolonyalismo, sari-saring paraan ang ginagawa ng mga imperyalista para dominahin at kontrolin ang pulitika, militar, kultura at relasyong panlabas ng mga bayang malakolonyal at dependyente. Kabilang sa mga pamamaraang ginagamit ng mga imperyalista ang mga sumusunod:

? Ang mga gobyernong lumalaban sa imperyalistang patakaran ay idinideklarang "estadong kriminal" at tinatarget ng pagblokeyo sa kalakalan, pautang at pamumuhunan; pagpalibot ng pwersang militar; pagsalakay; asasinasyon ng mga pinuno; pag-aarmas ng mga reaksyunaryong lokal; at tuluy-tuloy na pag-alimura sa mass media at mga kapulungang internasyunal.

? Itinatali ang mga malakolonya sa mga di-pantay na tratadong bilateral at multilateral.

? Pinanghihimasukan ang pulitika ng mga malakolonya: nag-aalaga, nagpopondo, nagsasanay at nagsusuporta ng mga reaksyunaryong lider at partidong pampulitika at nakikialam sa mga eleksyon.

? Kinokontrol ang suplay ng sandata, kagamitan at teknolohiyang militar, gayundin ang pagsasanay ng

matataas na upisyal ng hukbo at pulisya ng mga malakolonya.

? Ginagamit ang mga rehiyunal at internasyunal na ahensya para pasunurin ang mga malakolonya sa kagustuhan ng mga imperyalistang kapangyarihan.

? Tuluy-tuloy na binobomba ang mamamayan ng mga malakolonya ng imperyalistang propaganda sa pamamagitan ng modernong mass media, pelikula, edukasyong publiko at iba pa.

**2. Bakit natin sinasabi na ang imperyalismo ay nangangahulugan ng digmaan at ng paghahandang makidigma?**

Ang panteritoryo at pang-ekonomyang paghati-hati sa mundo ayon sa lakas sa ekonomya at pulitika ng mga imperyalistang bayan ay ganap na. Subalit nagbabago ang lakas sa ekonomya at pulitika ng iba't ibang imperyalistang bayan bunga ng likas na di pantay na pag-unlad nila. Anumang umiiral na hatian ay pansamantala lamang. Kapag may pagbabago sa timbangan ng kayamanan at lakas, tumitindi ang gitgitan, agawan at labanan para sa panibagong paghahati-hati ng mundo. Sa panahon ng imperyalismo, pwede lamang makapagpalawak ang isa sa pamamagitan ng pagtaboy at paggapi sa ibang kapangyarihan. Ang resulta'y mga digmaan para mag-agawan ng teritoryo, kapangyarihan sa pulitika at kontrol sa ekonomya ng daigdig.

Mula nang pumasok ang kapitalismo sa yugto ng imperyalismo, dalawa nang digmaang pandaigdig ang sumiklab dahil sa labanan ng mga imperyalistang bayan para sa teritoryo at dominasyon sa daigdig. May mga digmaan din ang ilang imperyalistang bayang nag-aagawan sa isang bayan o sa dominasyon sa isang rehiyon ng daigdig. Para magpalawak ng teritoryo, minamanipula rin ng mga imperyalista ang mga alitan ng mas maliliit at mahihinang bayan; at kapag kapaki-pakinabang sa kanila, sinusulsulan nila ang mga ito na magdigmaan. Ang pinakamaraming kaso ng pakikidigma ng mga

imperyalista ay ang pananalakay o ang pagsuhay sa mga papet nila para durugin ang paglaban ng mga mamamayan sa mga kolonya at malakolonya.

Sa kasalukuyan, tumitindi uli ang tunggalian ng mga imperyalistang bayan para sa panibagong hatian ng daigdig. Dumadami ang mga alitan ng US, Hapon at Europa. Pero ang US ang nag-iisang superpower pagkaraang gumuho ang Unyong Sobyet at lubhang malaki ang agwat ng lakas militar nito sa iba pang imperyalistang kapangyarihan. Nagpapalakas ng armas ang Europa at Hapon pero ang pakikipagkumpitensya nila sa US ay malamang na manatili sa larangan ng ekonomya at diplomasya sa matagal-tagal na panahon bago dumating sa isang antas ng katindihan at bumaling sa labanan sa pamamagitan ng armas.

Karamihan ng paggamit ng armadong lakas at pananalakay ng mga imperyalista ay nakatuon sa mga kilusang mapagpalaya at sa rebolusyonaryong kilusang proletaryo sa mauunlad na bayang kapitalista. Maaaring ang panibagong paglakas at pagsulong ng pandaigdig na proletaryong rebolusyon ay makapigil sa panibagong digmaan ng mga imperyalista. O di kaya, ang pagsiklab ng panibagong digmaan ng mga imperyalista ay magreresulta sa pagbagsak ng imperyalistang kapangyarihan sa buong mundo o kung hindi man, sa higit na malawak pang bahagi kaysa sa nakaraan.

Kahit walang digmaan, ang mga imperyalistang bayan ay palaging naghahandang makidigma. Nagmamantini sila ng malaki't malakas na permanenteng hukbong sandatahan na nakahandang sumuong sa labanan anumang oras. Karaniwang bahagi na ng buhay ng mga imperyalistang kapangyarihan ang malaking gastos sa armas, ang paglalaan ng malaking bahagi ng pambansang produksyon sa industriya ng armas, at ang pagmamantini ng malaking burukrasyang militar.

Ang paghahandang makidigma ay idinidikta ng pangangailangang maghanda lagi ang estado sa pagtatanggol ng paghahari ng

monopolyong kapital laban sa mga katunggaling imperyalistang bayan, sa mga rebolusyonaryong kilusan sa mga malakolonya, at sa rebolusyonaryong pakikibaka ng sariling proletaryado nila.

Bukod pa, ang produksyon ng armas ay malaki at kapaki-pakinabang na negosyo para sa monopolyong kapital. Sa pagmamantini ng malaking industriya sa armas, nagagamit ang malaking sobrang kapital at ang malaking sobrang kapasidad sa produksyon ng "mabibigat" na industriya—para sa negosyong tiyak ang mataas na ganansya dahil ang kliyente ay mga estadong gumagasta ng bilyun-bilyong dolyar mula sa buwis na kinukolekta sa mamamayan. Malaki rin ang ganansya ng mga monopolyong kapitalista mula sa pag-eeksport ng armas at kagamitang pandigma, laluna sa mga pasistang papet na mga rehimen sa mga malakolonya. Kaya ang permanenteng industriya sa armas ay isa mismong mahalagang bahagi na ng pagtakbo ng ekonomyang pinaghaharian ng monopolyong kapital.

Ang digmaan at paghahandang makidigma ay nangangahulugan ng malaking gastos. Matutugunan lamang ang gastos na ito sa pamamagitan ng malaking pagbawas sa panustos sa mga esenyal na pangangailangan ng mamamayan, huwag nang sabihin pa ang tuwirang pinsala sa buhay at kabuhayan ng mga mamamayang maaapektuhan ng labanan.

Pero para sa monopolyong kapital, ang digmaan at paghahandang makidigma ay isang malaking pinagkukunan ng superganansya at paraan para panatilihin at lalong palawakin ang sariling saklaw ng kapangyarihan. Isa pang patunay ito na ang imperyalismo ay parasitiko at nabubulok nang kapitalismo, na ang imperyalismo ay ibayong nagpapatindi sa mga saligang kontradiksyon ng kapitalismo.

## II. Proletaryong Rebolusyon sa Panahon ng Imperyalismo

**1. Bakit natin sinasabi na ang imperyalismo ay bisperas ng rebolusyong sosyalista?**

Ang imperyalismo ay kapitalismo na nasa pinakahuling yugto nito. Ito ang yugto ng transisyon mula kapitalismo tungo sa higit na mataas na sistema—ang sosyalismo.

Nang pumasok ang kapitalismo sa yugto ng imperyalismo, ang sistemang kapitalista ay nahinog na para sa rebolusyong sosyalista. Pinalalala ng imperyalismo ang mga saligang kontradiksyon ng kapitalismo hanggang sa sukdulan, hanggang sa pagsambulat ng buong sistemang kapitalista. Nalilikha nito ang obhetibong kalagayan upang sumulong ang kasaysayan ng daigdig sa bago't mas mataas na antas ng sosyalismo.

Ang imperyalismo ay nangangahulugan ng parasitismo at pagkabulok ng kapitalismo. Pinatitindi nito ang mga kontradiksyon ng kapitalismo—labis na produksyon, monopolyo, oligarkiya, pagsasamantala at pang-aapi sa mas maliit at mahinang mga bansa, atbp. Nangangahulugan ito ng digma sa pagitan ng mga imperyalistang kapangyarihan para sa paghahati sa mundo, ng mga digmang agresyon laban sa mga kolonya at malakolonya, at hibang na paghahanda para sa digma.

Sa panahon ng imperyalismo, ang paghahari at pag-unlad ng kapitalismo ay makapagpapatuloy lamang sa pamamagitan ng pagpapatindi sa mga kontradiksyon ng monopolyong kapital at proletaryado, ng mga imperyalistang bayan at mga kolonya't malakolonya, at ng mga imperyalistang bayan mismo. Habang patuloy na tumataas ang antas ng sosyalisadong produksyon, tumataas ang produktibidad ng paggawa at ang paggamit ng kolektibong lakas at talino ng masa ng sambayanan sa buong mundo—lalo namang tumitingkad ang mga sigalot sa lipunan dahil sa pananatili ng pribadong kapitalistang pag-angkin ng mga

produkto at ang pagkakait sa malawak na mayorya ng populasyon ng bawat bayan at ng buong mundo.

Ang imperyalismo ay nangangahulugan ng garapal na paggamit sa manipulasyon at mga paraang monopolista sa ekonomya, pulitika at relasyon ng mga bansa—para mabigyan ng kasiyahan ang kasakiman ng monopolyong kapital—ng kapital sa pinansya. Nangangahulugan ito ng pambubusabos at pananalanta sa malaking mayorya ng populasyon ng daigdig; ng permanenteng implasyon at malakihang paglustay sa likas na yaman at lakas-paggawa ng daigdig; ng dominasyon ng estado ng monopolyong kapital at paghahari ng pinakareaksyunaryong pangkat ng malalaking burukrata sa gubyerno't militar; ng walang pakundangang paglapastangan sa karapatan ng mga mamamayan at ng ibang bayan; ng mga digma at pag-aaksaya sa buhay ng libu-libo't milyun-milyong tao. Ang kapitalismo sa panahon ng imperyalismo ay lalong kamuhi-muhi.

Ang buong panahon ng imperyalismo ay kinakatangian ng pangkalahatang prosesong tumutungo sa lahatang-panig na pagkauk-ok at pagbuway nito sa ekonomya, sa pulitika at maging sa ideolohiya. Ito ang pangkalahatang krisis ng kapitalismo, na nagpapatuloy hanggang sa tuluyang pagbagsak ng imperyalismo sa buong daigdig.

Ang pangkalahatang krisis ng kapitalismo ay kinakatampukan ng mga panahon ng matitinding antagonismong sinasalamin ng mararahas na labanan ng mga uri at mga digma bunga ng mga krisis ng labis na produksyon. Bukod sa sariling pagkabulok ng kapitalismo, nagkahustong-gulang ang pandaigdig na rebolusyong proletaryo sa pagtatagumpay ng Dakilang Sosyalistang Rebolusyong Oktubre sa Rusya, pagsulong ng rebolusyon at konstruksyong sosyalista sa Unyong Sobyet, at pagkakatatag ng makapangyarihang sosyalistang kampo na sumaklaw sa isang-katlo ng populasyon ng daigdig. Bagamat ang kalakhan ng mga tagumpay na ito ay sinabotahe at nilikida ng pamamayani ng modernong rebisyunismo, namana ng internasyunal na proletaryado mula sa magiting na

yugtong ito ang makapangyarihang sandata ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Ang mga kabulukan at karahasan ng kapitalismo sa panahon ng imperyalismo ang nagtuturo sa proletaryado at mamamayan ng daigdig na ang kanilang katubusan ay makakamit lamang sa ganap na pagbabagsak sa kapitalismo sa pamamagitan ng rebolusyong sosyalista.

Ang pangkalahatang krisis ng kapitalismo ay dumaan na sa dalawang yugto at kasalukuyang nasa ikatlong yugto.

Sinaklaw ng unang yugto ang krisis ng labis na produksyon ng kapitalismo na humantong sa pagsiklab ng Unang Pandaigdigang Digmaan noong 1914 hanggang 1919. Nagtagumpay ang sosyalistang rebolusyon sa Rusya noong 1917 at naitatag ang unang proletaryong estado sa daigdig. Ganap na nalantad at nagapi ang rebisyunismo at oportunismo ng Ikalawang Internasyunal.

Ang ikalawang yugto ay ibayong mas matindi pa at naghatid ng rebolusyonaryong pakikibaka ng proletaryado at mamamayan ng buong daigdig sa bago at mas mataas na antas. Sinasaklaw nito ang Malaking Depresyon na yumanig sa pandaigdigang sistemang kapitalista noong dekada ng 1930 na humantong sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Nagpatuloy ang yugtong ito hanggang sa paglitaw ng mga sosyalistang bayan sa Silangang Europa, Tsina at Hilagang Korea at sa malawakang daluyong ng mga kilusang para sa pambansang pagpapalaya sa iba't ibang panig ng daigdig. Nagresulta ito sa pagkabuo ng sosyalistang kampo.

Pagkaraan ng Ikalawang Digmaan sa Daigdig, nagsimula ang ikatlong yugto ng pangkalahatang krisis ng kapitalismo. Ang krisis na dulot ng mapanirang panloob na mga kontradiksyon ng sistemang kapitalista at ng pakikitunggali nito sa sosyalistang kampo at ng mga pambansang kilusang para sa pagpapalaya ay inasahang maging mas masama para sa pandaigdigang sistemang kapitalista at mas kapaki-pakinabang para sa sosyalistang mithiin kaysa unang dalawang yugto. Subalit ang rebolusyon ay diniskaril at sinabotahe mula sa

loob ng pamamayani mula 1956 ng mga rebisyunistang Sobyet na nagkanulo sa sosyalismo. Ang rebisyunistang paghahari at pagpapanumbalik ng kapitalismo sa Unyong Sobyet ay nagpahina sa rebolusyon at ang dalawang superpower ay nagsabwatan laban sa interes ng proletaryado at sambayanan ng daigdig at, kaalinsabay, nagtunggalian sa kumpetisyong neokolonyal.

Sa kabila niyon, sumulong hanggang kalagitnaan ng mga taong 1970 ang proletaryong rebolusyonaryong pakikibaka, laluna sa pamamagitan ng Dakilang Proletaryong Rebolusyong Pangkultura, tagumpay ng rebolusyong Indotsino at ng kapuna-punang estratehikong panghihina ng imperyalismong US. Pero sa kalaunan, nanaig ang mga tradisyunal na imperyalistang kapangyarihan sa pagsasanib ng mga bayang pinaghaharian ng mga rebisyunista, kabilang ang Tsina, at paggapi sa monopolyong burukratang kapitalismo na pinaghaharian ng mga rebisyunista sa Unyong Sobyet.

Hindi matatapos ang ikatlong yugtong ito hanggang ang krisis ng kapitalismo ay makarating sa panibagong kaigtingan at ang proletaryong rebolusyon ay makapagpanibagong-lakas at makasulong sa mas mataas pang antas.

Nagpapatuloy hanggang ngayon ang panahon ng imperyalismo at proletaryong rebolusyon. Ang Leninismo, bilang Marxismo sa panahon ng imperyalismo at proletaryong rebolusyon, ang naglinaw at lumagom sa mga pag-unlad sa teorya at praktika ng rebolusyong proletaryo sa panahong ito.

Nilinaw ng Leninismo na maaaring magtagumpay at isulong ang rebolusyong sosyalista sa isang bayan dahil hinog na para sa rebolusyon ang kapitalismo sa panahon ng imperyalismo. Nilinaw din ng Leninismo na unang magtatagumpay ang rebolusyon sa pinakamahinang kawing ng kapitalismo at di kinakailangang doon sa mga bayang pinakamaunlad ang kapitalismo. Lubos na kinilala at idiniin ng Leninismo ang kahalagahan ng mga pambansang kilusan

sa mga kolonya't malakolonya at ang pangangailangang pamunuan ng proletaryado ang mga iyon para puspusang mabaka ang imperyalismo. Nilinaw at pinaunlad din ng Leninismo ang teorya't praktika ng diktadura ng proletaryado, at ang buong siyensya ng Marxismo sa pagtupad sa iba't ibang gawain sa pagsusulong sa rebolusyong proletaryo.

Sa patnubay ng Leninismo, nagtagumpay ang mga rebolusyon sa maraming bayan at sumusulong ang pakikibaka ng proletaryado at mamamayan sa mga bahagi ng daigdig na pinaghaharian pa ng imperyalismo.

**3. Bakit sa panahon ng imperyalismo, ang mga pakikibakang anti-imperyalista sa mga kolonya at malakolonya ay bahagi na ng pandaigdigang rebolusyong proletaryo?**

Bago tumuntong ang kapitalismo sa yugto ng imperyalismo, ang mga rebolusyon para sa pambansang pagbubuklod, kasarinlan at kalayaan ay nasa pamumuno ng lumalakas na burgesyang lokal at nakatutok sa kapangyarihan ng lipas na mga pwersang pyudal. Ang mga rebolusyong iyon ay nagtaguyod sa paghahari ng kapital at nagpalakas sa sistemang kapitalista sa daigdig.

Pero sa panahon ng imperyalismo, ang mga patakarang panlabas ng mga imperyalistang bayan ay nagdudulot ng ibayong kahirapan sa mga mamamayan ng mga kolonya at malakolonya. Ito ay nagtutulak sa kanila upang higit pang palakasin ang kanilang pambansang pagkakaisa at igiit ang pambansang kalayaan laban sa dayuhang pagsasamantala't pang-aapi. Dahil dito, ang kanilang anti-imperyalistang pakikibaka ay obhetibo't di maiiwasang naging bahagi na ng pandaigdigang proletaryong rebolusyon.

Ang imperyalismo ang pangunahing kaaway ng mga rebolusyon sa pambansang pagpapalaya. Bawat pagsulong at tagumpay ng mga rebolusyong pambansa sa mga kolonya't malakolonya ay nagpapahina sa pandaigdigang sistemang kapitalista, at tumutulong sa paglakas ng mga rebolusyonaryong pakikibaka ng proletaryado sa

mga bayang imperyalista. Pagkatapos ng tagumpay ng rebolusyong sosyalista sa Rusya, ang mga ito'y gumampan ng malaking papel sa pagpapalakas sa pandaigdigang sistemang sosyalista. Pagkaraan ng Ikalawang Pandaigdigang Digmaan, malaking hakbang pasulong ang natamo ng anti-imperyalistang pakikibaka at ng pandaigdigang rebolusyong proletaryo nang nagtagumpay ang mga digmaan sa pambansang pagpapalaya sa Tsina noong 1949, sa Korea noong maagang bahagi ng dekadang 1950 at, sa Byetnam at iba pang bayan ng Indotsina noong 1975.

Sa pag-eeksport ng kapital sa mga kolonya at malakolonya, pinauunlad ng imperyalismo ang kapitalismo sa mga ito hanggang sa isang antas na kailangan ng kanyang pandaigdigang sistema sa ekonomya. Ito'y nagbubunga ng pagbabago sa katangian ng produksyon at, sa gayon, ng transpormasyon din ng panloob na istruktura ng mga uri sa lipunan. Sa isang banda, sumisibol at lumalaki ang proletaryado at nalilikha ang mga batayan para sa pagsibol ng kilusang proletaryo sa mga kolonya at malakolonya. Sa kabilang banda, ang katutubong burgesya ay hinahati ng imperyalismo sa dalawang saray, ang malaking burgesya komprador na nagsisilbing tuwirang ahente ng imperyalismo at ang pambansang burgesya na naghahangad na mapaunlad ng pambansang kapitalismo.

Samantala kinukupkop din ng imperyalismo ang mga naghaharing uring pyudal para makatulong sa pagtatanggol sa imperyalistang interes at kontrol sa mga kolonya at malakolonya. Dahil dito, napapanatili ang malaganap na pagsasamantala't pang-aaping pyudal. Sa gayon, ang pakikibaka sa pyudalismo ay nagiging kaugnay ng pakikibaka laban sa imperyalismo.

Sa ilalim ng imperyalistang dominasyon sa mga kolonya't malakolonya, ang malaking burgesyang kumprador at ang mga panginoong maylupa ay tuwirang nakikinabang at matapat na kasabwat ng imperyalismo sa pagsasamantala't pang-aapi sa mamamayan. Wala namang kakayahan ang pambansang burgesya na

pamunuan ang kilusan para sa pambansang pagpapalaya dahil sa kanyang dalawahang katangian. Habang tutol ito sa dominasyon ng imperyalismo dahil ginigipit ito at sinasagkahan ang ganap na pag-unlad ng pambansang kapitalismo, konektado at umaasa naman ito sa imperyalismo.

At dahil sa paglakas ng kilusang proletaryo sa mga kolonya't malakolonya, laluna nang magtagumpay ang sosyalistang rebolusyon sa Rusya, napasakamay na ng proletaryado ang pamumuno, sa pamamagitan ng talibang partido nito, sa rebolusyonaryong kilusan para sa pambansang pagpapalaya mula sa dominasyon ng imperyalismo at para sa panlipunang pagpapalaya pangunahin mula sa pyudalismo. Ang uring proletaryado ang nakapagbibigay ng pinakamasaklaw na pagsusuri, pinakamalinaw at pinakapuspusang programa sa pagbabago at pinakamatatag na pamumuno sa rebolusyonaryong kilusan sa praktika. Hindi lamang nagagarantiyahan ang wasto't matatag na pamumuno sa pambansa't panlipunang pagpapalalaya hinahawan ng pagtatagumpay nito ang landas tungong sosyalismo.

Para gapiin ang imperyalismo, ang mamamayan sa kolonya at malakolonya, ang proletaryado sa mga kapitalistang bayan at ang mga sosyalistang bayan ay kailangang magkaisa sa ilalim ng pandaigdigang kilusang anti-imperyalista at buuin ang anti-imperyalistang nagkakaisang hanay sa hanay ng mamamayan ng buong daigdig. Mabubuo lamang ang nagkakaisang prenteng ito sa ilalim ng pamumuno sa rebolusyonaryong proletaryado.

Sa pakikibaka laban sa imperyalismo ng mga kolonya at malakolonya, kailangan ang suporta ng mga sosyalistang bayan at proletaryado ng kapitalistang mga bayan. Ang rebolusyonaryong pakikibaka laban sa imperyalismo sa mga kolonya at malakolonya naman ay nagpapahina sa imperyalismo sa buong daigdig at nagsisilbing makapangyarihang suporta sa anti-imperyalistang pakikibaka at sa sosyalistang rebolusyon sa kapitalistang mga bayan

at sa pakikibaka ng sosyalistang mga bayan laban sa imperyalistang pananalakay.

Sa panahon ng imperyalismo ang rebolusyonaryong pakikibaka ng mga kolonya at malakolonya ay naging bahagi ng sentro de grabidad ng pandaigdigang kilusan at rebolusyong proletaryo. Ang mga kolonya at malakolonya ay mga mahihinang kawing sa pandaigdigang sistema ng imperyalismo at ang mga kilusan sa pambansang pagpapalaya dito ay naging esensyal na tuwirang reserba ng pandaigdigang rebolusyong proletaryo. Sa mga ito matatagpuan ang mga pinakamalakas na rebolusyonaryong pwersa at mga pinakamasisiglang rebolusyonaryong pakikibaka laban sa imperyalismo.

**4. Ano ang rebisyunismo at oportunismo? Ano ang panlipunang batayan ng mga ito?**

Ang rebisyunismo ay ang sistematikong pagbabago at paglihis sa mga saligang rebolusyonaryong prinsipyo ng proletaryado na inilatag nina Marx at Engels at higit na pinaunlad ng mga sumunod na teorista at lider ng proletaryong rebolusyong sosyalista. Nagpoposturang Marxista ang mga rebisyunista. Para makapanlinlang, nagsasabi silang ang ginagawa lang nila ay pagpapaunlad at mapanlikhang paglalapat ng Marxismo, ngunit sa esensya'y matamis na balot lang nila ito sa burges na mga ideyang antiproletaryo at anti-Marxista na kanilang ipinalalaganap.

Ang saligang paninindigan ng Marxismo-Leninismo sa partikular na mga usapin ng proletaryong rebolusyon at imperyalismo ay ilan sa mga pinagtutuunan ng pambabaluktot ng mga rebisyunista. Tinatangka nilang ipalit ang kanilang sariling teoryang sa esensya'y nagpapalabo sa makauring tunggalian sa pagitan ng proletaryado at burgesya, nagpapaganda sa mukha ng imperyalismo at nagbibigay-daan sa oportunistang linya ng pakikipagsabwatan sa burgesya laban sa proletaryado at mas malawak ng mamamayan.

Ang tagumpay ng Marxismo sa larangan ng teorya ay nag-oobliga sa mga kaaway nito na magkunwaring Marxista. Tinangka ng burgesya na muling buhayin ang bulok na bulok nang liberalismo sa anyo ng sosyal oportunismo at sobinismong sosyal, o sosyalismo sa salita, oportunismo, repormismo, kolaborasyunismo at sobinismo sa gawa. Upang sagkaan ang paglakas ng proletaryong rebolusyon at pangalagaan ang kanilang interes, ginagawa ng burgesya ang lahat upang magtanim ng mga ahente nito sa hanay ng kilusang proletaryo at sa loob ng mga partido ng uring proletaryo.

Ang modernong rebisyunismo ay ang rebisyunismong sumibol sa loob ng mga partido komunistang nasa kapangyarihan. Ang pamamayani ng modernong rebisyunismo ay nangangahulugan ng pagkakanulo sa sosyalistang rebolusyon at pagpapatupad ng mga patakarang burges at petiburges na unti-unting nagpapanumbalik, nagpapalakas at nagpapanaig sa burgesya at kapitalismo sa ekonomya, pulitika at kultura ng sosyalistang lipunan. Tampok sa kanilang rebisyunismo ang pagtangging patuloy na umiiral ang mga uri at tunggalian ng uri, gayundin, ang katangiang proletaryo ng partido at estado sa sosyalistang lipunan, upang ikubli ang pangingibabaw at kontrol ng pribilehiyadong saray na burges sa loob ng partido at estado. Habang nagkukunwaring mga komunista, winawasak nila ang proletaryong partido at ang integridad nito sa ideolohiya, pulitika at organisasyon. Sa bandang huli, ang paghahari ng modernong rebisyunismo ay hahantong sa tahasang panunumbalik ng diktadura ng burgesya at kapitalistang pagsasamantala at pang-aapi sa proletaryado.

Ang rebisyunismo at oportunismo ay mga imluwensyang burges at petiburges sa loob ng proletaryong partido at kilusan. Sa mga industriyalisadong bayan, gayundin sa mga atrasadong bayang malakolonya, tuso at sistematikong kinakasangkapan ng monopolyong kapital ang mentalidad at ideolohiyang petiburges para ihiwalay ang mga manggagawa sa pabrika at mga manggagawa sa upisina, pati ang nakatataas na saray ng manggagawa sa pabrika

sa nakababababang saray, at bigyang-daan sa gayon ang pagtanggap sa mga ideyang tahasang sa malaking burgesya.

Sa pamamagitan ng superganansyang nakakamal ng burgesya mula sa pagsasamantala sa proletaryado at sa kolonya't malakolonya, nakapagsusuhol sila sa isang maliit na pribilehiyadong seksyon ng uring manggagawa na pinatatamasa ng mga burges na pamantayan ng pamumuhay. Ang seksyong ito ang nagsisilbing baseng panlipunan ng rebisyunismo at oportunismo sa hanay ng uring manggagawa.

Ang mentalidad na petiburges ay ginagamit din para pasukin ang mga partido ng uring manggagawa at wasakin mula sa loob ang mga lipunang sosyalista at bigyang-daan ang rebisyon ng mga saligang prinsipyo ng siyentipikong sosyalismo, pamamayani ng mga pangkating rebisyunista at pag-iral ng monopolyong burukratang kapitalismo.

Ang mga petiburges na tagasunod ng malaking burgesya ay naglipana ngayo nsa akademya at mga NGO dahil sa upisyal na pagkupkop at pagpopondo ng mga ahensyang imperyalista. Gumagawa sila ng pagpuna sa mga MNC at mga imperyalistang ahensyang multilateral para makapagposturang progresibo pero ginagamit nila ang mga konseptong teknokratiko at lenggwaheng kunwang-liberal ng mga imperyalista, ng UN at mga institusyong burges para magtaguyod ng ilang reporma lang sa loob ng pandaigdig na sistemang kapitalista.

Ang ideolohiya at mga sentimyentong petiburges ay maunlad na maunlad sa mga burges na institusyong akademiko at todong ipinangangalandakan ng mass mediang gumagamit ng maunlad na teknolohiya para suportahan ang monopolyong kapitalismo. Kaya kahit ang mga partido at organisasyong nagsisikap na magtaguyod sa paninindigan ng proletaryado ay naiimpluwensyahan ng ideolohiyang petiburges.

**5. Bakit dapat bakahin at iwaksi ang rebisyunismo at oportunismo para maisulong ang anti-imperyalistang pakikibaka at proletaryong rebolusyon?**

Ang rebisyunismo at oportunismo ay lasong umuuk-ok sa rebolusyonaryong kilusang proletaryo. Napakalaki na ng pinsalang idinulot ng mga ito sa kilusang proletaryo.

Ang paglaganap ng rebisyunismo ay nagbubunga ng malawakang kalituhan, kaguluhan, pagpapatumpik-tumpik at demoralisasyon sa hanay ng rebolusyonaryong pwersa at mamamayan. Ito ay nag-aanak ng oportunismo sa pulitika na nakapagpapahina sa paglaban sa imperyalismo at sa pagsusulong ng sosyalistang rebolusyon.

Ang pakikibaka laban sa rebisyunismo ay di maihihiwalay na bahagi ng pakikibaka laban sa imperyalismo at ng pagsusulong ng pandaigdigang proletaryong rebolusyon. Hindi titigil ang imperyalismo sa kanyang opensiba sa ideolohiya, kasabay ng pagsibol ng mga kalagayang panlipunan na nagbibigay-daan sa mga impluwensyang burges at petiburges sa hanay ng kilusang proletaryo. Magiging mabuway at madaling madadaig ng mga maniobra ng burgesya ang proletaryong partido kapag kinaligtaan ang puspusang pagbubuo sa ideolohiya, pulitika at organisasyon para palalimin ang pagsapol sa mga prinsipyo ng Marxismo-Leninismo-Maoismo, mahigpit na iugnay ang mga ito sa rebolusyonaryong praktika, at matatag na bakahin at iwaksi ang mga rebisyunistang ideya. Ang kasaysayan ng anti-imperyalistang pakikibaka at sosyalistang rebolusyon ay punong-puno ng mapapait na karanasang ibinunga ng mga pinsalang dulot ng rebisyunismo, oportunismo at makauring kolaborasyon.

Pinatutunayan ng pagguho sa ekonomya at pulitika ng mga dating sosyalistang bayan na pinagharian ng mga rebisyonistang partido ang kahungkagan at kabulukan ng makabagong rebisyonismo. Ang patuloy na pagpapatatag at pagpapataas ng kamalayang Marxista-Leninista-Maoista at ang patuloy na pagmamatyag at pakikibaka sa rebisyunismo at oportunismo ang pinakamahalagang tungkulin para

matiyak na nagpupunyagi ang Partido sa wastong rebolusyonaryong landas. Kaya pinakamahalagang tungkulin ng bawat Komunista ang taos-puso at tuluy-tuloy na pagpapanibagong-hubog sa pamamagitan ng pag-aaral at pagtataguyod sa Marxismo at pagbaka sa rebisyunismo at oportunismo.

Pinakadakilang kontribusyon ni Kasamang Mao Zedong sa kabangyaman ng Marxismo-Leninismo at sa pandaigdig na rebolusyong proletaryo ang teorya at praktika ng pagpapatuloy ng rebolusyon sa panahon ng diktadura ng proletaryado para bakahin ang rebisyunismo, pigilan ang pagpapanumbalik ng kapitalismo at konsolidahin ang sosyalismo hanggang maging posible na ang komunismo bunga ng pandaigdigang pagkatalo ng imperyalismo.

## Mga Sanggunian:

1) V.I. Lenin. IMPERYALISMO, ANG PINAKAMATAAS NA YUGTO NG KAPITALISMO.

2) J. Stalin. MGA PUNDASYON NG LENINISMO.

3) A. Guerrero. LIPUNAN AT REBOLUSYONG PILIPINO.

4) Mga dokumento ng Partido:

? "Manindigan para sa Sosyalismo Laban sa Modernong Rebisyonismo"

? "Theses on the World Situation"

? "On Monopoly-Capitalist Globalization"